

NAKABATAY SA KASULATANG MGA TANDA NG PANAHOON



Pinasasalamat namin kayo para rito. Atin na pong iyuko ang ating mga ulo pansumandali, para sa pananalangin.

Napaka mahabaging Amang Makalangit, dumudulog kami sa Iyong dakilang luklukan at kadakilaan, ngayong gabi, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nababatid po namin, na kami'y may katiyakan na kami'y diringgin Mo. Wala na kaming iba pang pangalan na kami'y may katiyakang Iyo nga kaming diringgin, kundi sinabi Niya, "Kung hihingi kayo sa Aking Pangalan . . ." Kaya, kami'y nananalangin na tatanggapin Mo kami sa Iyong Kaharian, ngayong gabi.

At nawa sa paglisan namin sa lugar na ito, masabi namin, gaya nung mga nanggaling sa Emaus, "Hindi бага nag-alab ang ating mga puso sa loob natin, habang kinakausap Niya tayo sa daan?" Ama, naiisip namin sila sa mainam, na una't, maaliwalas na umagang 'yun ng pagkabuhay na mag-uli; na si Jesus ay buhay at nasa gitna ng mga tao; at gayunman sila (ang ilan, na umiibig sa Kanya), ay hindi namalayan 'yun.

At ganun pa rin ito ngayong gabi, Panginoon, pagkaraan ng labing siyam na raang taon: Ika'y nananatiling buhay at nasa kalagitnaan namin, at maraming tao ang hindi 'yun nakikilala. (Gayong ang dapat sana'y naunawaan 'yun nung mga lalaking 'yun, alam nilang sinabi ng Kasulatan na Siya'y mabubuhay muli.) Pero, Ama, sa palagay ko'y dala lang ito ng pagiging tao. Iyo po kaming patawarin, Panginoon. At dumadalangin kami, ngayon, na ang Iyo pong biyaya'y maging sapat para sa amin, ngayong gabi.

At maipagkaloob nawa ang Iyong mga pagpapala sa lahat ng mga naghihintay at sa mga nag-aasam na sila'y mapagaling sa pisikal. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, na, sa gabing ito, sila nga'y makadulog sa pamamagitan ng pananampalataya at sampalatayanan Ka. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na kayo.

Si Rev. Jack Moore, nandito ba siya sa gusali? Rev. Jack Moore? Kailangan ka raw dun sa aklatan ngayon din, Kapatid na Jack Moore.

Nagagalak nga tayong makaparito sa dakong ito ngayong gabi, uli, sa gawain ng Panginoon. At tayo'y may labis na pag-aasam na nananampalatayang ang Diyos ay kakatagpuin tayo sa batayan na tayo'y . . . ipinangako Niya na kakatagpuin tayo.

Ngayon, hindi natin inaangking may anong kapangyarihan tayo. Hindi ako—hindi ako naniniwalang may kapangyarihan tayo na magpagaling ng maysakit. Wala tayong kapangyarihan, pero may kapamahalaan tayo. Kita n'yo? Hindi kapangyarihan.

Sige't, isang halimbawa, isang—isang pulis na nakatayo sa kalsada. Tumitimbang siya ng isang daa't sampung libra. At hetong padagsa na ang isang hilera ng mga sasakyang nasa—nasa walumpung milya kada oras ang takbo, tatlong daang horsepower ang makina sa loob nila, at sila'y nagsisihugong sa kalsada, mga makinang tatlong daang horsepower. Aba'y, wala ngang kapangyarihan ang maliit na lalaking 'yun para pigilan ang isa man sa kanila, pero pinaaaninag lang niya ang tsapa at itinataas ang kanyang kamay: pakinggan n'yo ang langitngitan ng mga preno, tingnan n'yo 'yung pagsagadsad nila sa tagiliran. Hindi niya kapangyarihan ang nagpahinto sa kanila dun, kundi kapamahalaan niya.

At ang iglesya nga'y may kapamahalaan galing kay Jesus Cristo, "Sa Aking Pangalan ay magpapalabas sila ng mga demonyo; mangagsasalita ng mga bagong wika; kung sila'y mangagsisihawak ng mga ahas; o magsinom ng mga bagay na nakakamatay, hindi ito makakasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, magsisigaling sila." Ganun ang ibinigay Niyang kapamahalaan.

Ngayon, ano kaya kung 'yung maliit na pulis na 'yun ay takot namang itaas ang kanyang kamay at tumayo sa harap ng mga sasakyang naroon? Mas mabuti pa ngang hubarin na lang niya ang uniporme't, ibalik ang tsapa, dahil di siya kailanman magiging karapat-dapat na pulis.

Sa gayunding paraan ay di tayo magiging karapat-dapat na mananampalataya, kung mananatili tayong takot na gamitin ang kapamahalaan na 'yun na ibinigay sa atin ni Jesus Cristo. Nasa atin na ang pananagumpay. Di na nga natin kinailangan pang...di na nga natin kinailangan pang makipaglaban para sa pananagumpay, nasa atin na ang pananagumpay. Siya ang nagpanagumpay sa atin, hindi tayo; Siya ang nagpanagumpay sa atin. Hindi tayo ang Makapangyarihang Mananagumpay, Siya ang Makapangyarihang Mananagumpay.

Ngayon tandaan n'yo, bukas ng gabi, kung loobin ng Diyos, itong unang dalawang gabi...

Nakakapanghinayang na pumarito sa siyudad ng ganito, at basta magkakila-kilala lang, makipagkamayan lang, tapos alis na agad. At di 'yun—di 'yun katanggap-tanggap para sa mga tao. Hindi 'yun katanggap-tanggap sa pagmi-ministryo, hindi nga, dahil ang pagmi-ministryo ay kulang na kulang sa mga aspetong kababalaghan, at may isang gabi ka lang o dalawa, para, nasa dalawang gabi nga lang, para ipakilala ito, tapos dun pa lang mananalangin para sa mga maysakit. At ang mga tao'y

dadagsa lang sa pila para sa pananalangin, nang wala man lang nalalaman kung ano bang ipinunta nila rito, basta pumupunta na lang dito. Kinakailangan nga itong mailatag at maipakita batay sa Kasulatan, Salita sa Salita, na GANITO ANG SABING PANGINOON. At totoo 'yan. Ang Mensaheng napapanahon para sa Maharlikang Binhi ni Abraham kay Jesus Cristo.

Sapagkat mga tagapagmana tayo kay Abraham, ayon sa pangako. Kung papaanong tayo ay kay Cristo, haya't tayo ay Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana sa kanya sa pangako, ang Maharlikang Binhi; hindi binhi sa pamamagitan ni Isaac, sa natural kasi 'yun, sa pisikal na pakikipagniig. Si Jesus ang—ang Binhi nang walang pakikipagniig. Siya ang . . . Siya Mismo ang Diyos. Hindi tayo naligtas sa pamamagitan ng dugo ng Hudyo, hindi rin tayo naligtas sa pamamagitan ng dugo ng Gentil. Hindi Siya Hudyo o Gentil man. Siya ay Diyos. Siya'y siya ring, siya ring Diyos. Kita n'yo? Siya'y . . .

Alam nating Siya'y ipinagbuntis sa sinapupunan, ng isang dala- . . . ng isang birhen, si Maria. Siya lang ang tagapag-dala. Hindi siya . . . ni hindi kanya 'yung itlog, hayon nga, hindi niya 'yun itlog, at hindi rin 'yun binhi ng kung sinong lalaki, o binhi ng lalaki; na siyang hemoglobin, ang selulang dugo, na nandun sa lalaking kasarian; alam natin 'yan. Ang inahing manok nga'y maaari siyang mangitlog, pero kung wala siyang pakikipagniig sa lalaking manok, hindi 'yun mapipisa. Kinakailangan muna ng pakikipagniig sa lalaking manok, sa simula. Ang lalaki ang nagdadala ng—ng selulang dugo, at ang buhay ay nasa dugo.

At kaya Ito Mismo ang Diyos, Siya Mismo, na Siyang, nag- . . . Ngayon, ang paniniwala ng Protestante'y itlog daw 'yun ni Maria. Di maaaring magkaroon ng itlog ng walang sensasyon. Kaya ano sa palagay n'yo ang ginawa ng Diyos, kung ganun? Kita n'yo? Nilikha ng Diyos ang itlog at maging ang selulang Dugo.

Siya ang Diyos, ang laman ng Diyos. Nakita natin ang Diyos, nahawakan ang Diyos sa mga kamay natin. “Walang pagtatalong dakila ang hiwaga ng pagka-Diyos: sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman, nakita ng mga anghel, nahawakan dito sa sanlibutan, tinanggap sa itaas sa Kaluwalhatian.” Kaya, nalaman natin dito, ngayon, na Siya ang Diyos na nagsalaman. Nanahan Siya sa laman para makasama natin. Kanyang—Kanyang iniba ang dakila Niyang katayuan mula sa pagiging Yaong dakilang Walang Hanggan, gaya ng ipinangusap natin kagabi, na Siya'y katangian ng Kanyang Sariling kaisipan. Bumaba Siya rito, at naging Tao upang tubusin ang tao.

Grabe, ito ang pinaka kaibig-ibig na kuwento sa lahat. Di ko nga makita kung papaanong may mga taong nakakapanatili pa ring makasalanan at—at—at samantalang alam na ito: Itong kung papaanong ang Diyos ay naging isa sa atin. Napakaganda nga ng pagkakalarawan nito, gustung-gusto kong ipangaral ito,

dun sa Ruth at Naomi: Kung papaanong Siya'y naging—naging Kamag-anak na Manunubos, kinailangang maging Manunubos, at kinailangang maging malapit na kamag-anak sa kanila. At hayan ngang ang Diyos, sa Espiritu, ay hindi maaaring maging malapit na kamag-anak sa atin, at gayunman Siya'y naging malapit na kamag-anak sa atin. Nung likhain ng Diyos ang tao sa Kanyang Sariling larawan, ang tao'y taong-espiritu, at wala noong tao na magbubungkal ng lupa. Tapos, pinorma Niya ang tao sa lupa pagkatapos. . . na may limang pandama. Ginawa Niya ang tao na isang hayop na nagtataglay ng Espiritu ng Diyos sa loob niya. Ngayon, tayo ay buhay-hayop. Alam natin 'yan. Tayo ay mamalya. Mamalya, hayop na mainit ang dugo. At pagkatapos, ang Diyos ay bumaba sa anyo ng tao, kung paanong ang tao ay naging kawangis-anyo ng Diyos, haya't ang Diyos ay naging kawangis-anyo ng tao, para tubusin pabalik ang tao, matubos. Oh ang ganda, grabeng—grabeng gandang pagsasalarawan, kung papaanong. . . Grabeng gandang bagay ito na nakamit natin.

Ngayon, sa gabing ito, maiksi lang ang magiging gawain. Pinatagal ko kayo masyado kagabi. Nung lumampas na ng alas nuwebe, napansin ko ang ilang tao na nagsisimula nang, may ilang nagtatayuan na, lalakad dito, lalabas. Haya't, kita n'yo, nakakagambala 'yun. Naaabala ang pagtitipon. At mangyaring, di n'yo 'yun kasalanan, siguro kinakailangang makasakay kayo agad ng bus o anupaman, at kinakailangan n'yong maabutan 'yun. Alam ko 'yun. Kaya susubukan kong bilisan ito.

Ngayon, bukas ng gabi, kung loobin ng Diyos, gusto kong tumalakay ng pang-ebanghelyong teksto at ipangaral 'yun sa inyo bukas ng gabi, kung loobin ng Panginoon.

Ngayong gabi, gusto ko pong magbasa ng ilang Kasulatan at magbanggit ng ilang sabi rito, para magbigay ng kaunting pambungad na kaalaman. Dahil, di pa n'yo nauunawaan ang Mensahe, at lahat po kayo'y, halos bawat isa nga rito, ay di ko kakilala, at kung di n'yo nalalaman ang Mensahe, at di n'yo alam kung ano nga ba talaga ito, ang mangyayari'y basta-basta na lang kayo dumudlog dito.

Nais kong maunawaan n'yo: Ito ang pangako ng Diyos para sa panahong ito! Ang—ang panahon ni Wesley ay di na uubra ngayon. Ang panahon ni Luther. . . Anong nangyari sa mga—sa mga Lutheran? May Wesley na nakabatid na nabubuhay sila sa silaw ng liwanag ng Lutheran at ibinangon ng Diyos si Wesley. At anong nangyari—anong nangyari sa Wesley? Nabubuhay sila sa silaw ni Wesley nung ang Pentecostes ay ibangon. Ngayon, ano naman ang nangyari sa Pentecostes? Nabubuhay sa silaw ng Pentecostes.

Ang silaw ay pagpapaaninag ng liwanag, na parang mirahe sa daan. Yun 'yung dako kung saan nandun 'yung liwanag dati at pinaaninag 'yung liwanag nito. Yan na 'yan din ang nangyari

noon, nung tanggihan nila si Jesus. Nabubuhay kasi sila dun sa silaw ng ibang liwanag, sa liwanag ng kautusan. At inayawan nila, o, nabigo silang makita ang Mesiyas, gayong sinabi na nga mismo ng sarili na nilang mga propeta nang sadyang eksakto kung ano ang gagawin Niya, kung papaano Siya makikilala. At nandun na nga Siya noon, eksaktong-eksakto sa pagkakasabi ng mga propeta kung ano Siya. At sa kabila nun ay nabigo ang mga taong 'yun na makita Siya dahil sila'y nangabubuhay sa silaw ng ibang nagdaang panahon.

Iinisip ko ngayon, mga kaibigan, “Ano kaya ang kalagayan n’yo sa kasalukuyan ngayon na mapagkikilala kayo sa ilan sa mga tauhan dun sa Biblia?” Ngayon, isipin n’yo ‘yun. Lahat sila dun na mga Fariseo at mga Saduceo at naglalakihang grupo ng relihiyon, at napaka pormal nila’t grabeng dakila sila. Ngayon, isipin n’yo po. Aling panig kaya ang papanigan n’yo kung si Jesus ay nandito sa lupa? Ni wala, kahit isang simbahan ang pumayag na patuluyin Siya roon, walang kahit sino, maliban sa ilan lang na kaunting mga kaibigan. Ngayon, alam n’yo ba na ‘yan nga’y iprinopesiya muli sa huling mga araw na ito? Totoo ‘yun.

At nalalaman n’yo rin ba, hayan nga, na nung panahon na ‘yun noon ay Siya’y di man lang nakapag-aral, di lehitimong anak? Alam n’yo po ba ‘yun? Alam n’yo ba na Siya’y itinuring na wala sa Kanyang pag-iisip? Isang araw, sinabi Niya sa mga alagad (tumingin sa paligid, napakarami nila dun na kasa-kasama Niya), sinabi Niya, “Maliban na kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, wala kayong Buhay sa inyong sarili.”

Ngayon, ano kaya sa palagay n’yo ang iisipin ng doktor o siyentipiko o—o matalinong, intelektuwal na tao tungkol dun? “Ang lalaking ‘yan ay bampira at gustong gawin tayong lahat na bampira. Iinom ba naman ng dugo ng tao? Kakain ng . . .”

Di Niya ‘yun ipinaliwanag. Di naman na Niya kailangang ipaliwanag ‘yun. Ang totoong, tunay, na predestinadong Binhi ay makakaunawa dun. (Nahayag ‘yun sa munting babae na ipinangusap natin kagabi; na sa kabila ng kalagayan niya, ay nalaman niya kung ano nga ‘yun, nang dagli-dagli.) At tapos ang sabi Niya (Haya’t may pitumpung kalalakihan siya dun na tinawag Niya, para maging, “mga alagad.”), ang sabi Niya, “Anong sasabihin ninyo kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng tao sa kung saan Siya nagmula?”

“Umakyat kamo? Nakita natin ang kuna kung saan Siya idinuyan noon. Kilala natin ang nanay Niya. Alam natin ang pasabsaban kung saan Siya isinilang. Taga-rito tayo sa bayan. Kasa-kasama natin siya sa pangingsda, at kung anu-ano pa. Sino ba ang lalaking ito? Aba’y, tayo’y . . .” Buweno, napaka hirap para sa kanila na paniwalaan ‘yun, at nagsialis sila.

Pagkatapos sinabi Niya sa labindalawa, “Hinirang Ko ang labindalawa sa inyo, at ang isa sa inyo ay diyablo.” Pagkatapos sabi Niya sa kanila, “Ibig baga ninyong magsialis, din naman?” Ngayon, hindi Niya ipinaliwanag Yun. Ni hindi Niya sinabi sa kanila kung ano 'yung tinutukoy na laman Niya at kung ano 'yung tinutukoy na Dugo Niya. Ni hindi Niya sinabi sa kanila kung papaano Siya bumaba at kung papaano Siya babalik sa itaas. Pero pansinin n'yo, simula't sapul, di 'yun maipaliwanag maging nung mga alagad, pero sinampalatayanan nila Yun. Di nila Yun maipaliwanag. Sila'y itinalaga sa buhay na 'yun. Di nila Yun maipaliwanag.

Sabi ni Pedro, “Panginoon, kanino kami magsisiparoon?” Alam nila ang Mensahe ng panahon; alam nila kung ano nga dapat ito. Sabi nila, “Alam naming Ikaw, at Ikaw lamang, ang may Salita ng Buhay, wala kaming ibang mapupuntahan.”

Saan nga ako maaaring pumaroon pa, sa anong dako pa ngayon, maliban na pumaroon ako kay Cristo, ang Biblia? Siya ang—Siya ang—Siya ang Bukal ng Diyos na hindi nauubos; sa pagsalok mo't pagsalok uli Dito, mas lalong nagiging sariwa't nagiging mainam Ito.

Ngayon, kung mamarapatin n'yo, nais kong bumasa ng kaunting teksto rito ngayong gabi, o, babasa tayo rito ng ilang Kasulatan. At pagkatapos dadako na tayo direktso sa mensahe (at susubukan nating makalabas dito ng mga alas nuwebe, o atrasado pa nang kaunti, kung posible), at ito'y aabot lang ng tatlumpu, o tatlumpu't limang minuto.

Tumayo na po tayo, habang bumubuklat tayo sa San Mateo 12. Ika-12 kabanata ng San Mateo, simulan natin sa ika-38 talata, habang taimtim na iniyuyuko natin ang ating mga puso.

Nang magkagayo'y nagsisagot sa kaniya ang ilan sa mga eskriba at mga Fariseo, na nangagsasabi, Guro, ibig namin makakita ng tanda sa iyo.

Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi sa kanila, Isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng isang tanda; at . . . hindi siya bibigyan ng anumang tanda, kundi ng tanda ng propeta Jonas:

Sapagka't kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi; ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao.

. . . tao sa Nineve ay magsisitayo sa paghuhukom na kasama ng lahing ito, . . . ito'y hahatulan: sapagka't sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas; at narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Jonas.

Magbabangon sa paghuhukom ang reina ng timugan na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't

siya'y nanggaling sa mga wakas ng lupa upang pakipagkita ang karunungan ni Solomon: at, narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Solomon.

... narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Solomon.

Manalangin tayo.

² Panginoon, ang ibig sabihin ng *narito* ay “tumingin, ibigay ang pansin.” Iyo pong itulot na maalaala namin ngayong gabi, ang mga Salitang ito, na, “Dito’y may isang lalong dakila kaysa sa lahat,” ang Panginoong Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. Hinihiling namin ang pagpapalang ito, na kunin Niya ang mga Salitang ito at ipahid ang mga Ito sa mga puso ng mga tao, nang sa gayon ay magkaroon sila ng pananampalataya, at pagkatapos ay ihayag ang Kanyang Sarili gaya ng ipinangako Niya na mangyayari, “Narito, Ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan, o sa kawakasan.” Amin po itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³ Mangungusap tayo nang kaunting sandali patungkol sa: *Nakabatay Sa Kasulatang Mga Tanda Ng Panahon.*

⁴ Ngayon, heto nga noon si Jesus na sinasaway ang lahing ’yun dahil sa di nila pagsampalataya sa Kanyang nakabatay sa Kasulatang tanda. Masdan n’yo ang mga Fariseong ito. Sila’y nagsilapit sa Kanya at nagsabi, “Guro, ibig naming makakita ng isang tanda mula sa Iyo.” Masdan n’yo ang pagkabalag nila. Natupad na ang tanda at di man lang nila ’yun nakilala.

⁵ Alam n’yo ba, naniniwala akong isang araw ay magaganap ang Pag-agaw at ang mga tao’y wala man lang kamalay-malay tungkol dun!

⁶ Sinabi ni Jesus, sa ika-11 kabanata ng San Mateo, nung si Juan ay dumating. . . O, ang mga alagad niya ay dumating para makipagkita sa Kanya, at nagbalik nga sila noon. At ang sabi Niya, “Anong inilabas ninyo upang makita? Isang tambo na inuuga ng hangin o isang taong nararamtan ng mga damit na mainam? O nagpunta kayo upang makita ang isang propeta?” Sabi Niya, “Sinasabi kong isang propeta nga! Ngayon kung kaya ninyo itong tanggapin, aba, heto na nga siya na sinasabi ng—ng propeta, na sinasabi, ‘Aking sinusugo ang Aking sugo sa harapan Ko.’”

⁷ Isang araw, tinanong Siya nung mga alagad, ang sabi, noong sabihin Niyang Siya ang Anak ng tao; sabi nung tao, “Bakit sinasabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna si Elias?”

⁸ Ngayon tingnan n’yo, sa ika-3 kabanata ng Malakias, sabi dun, “Aking sinusugo ang Aking sugo sa harapan Ko,” tinukoy ni Jesus ang Kasulatang ’yun. Hindi Malakias 4, hayan nga; dahil

para sa ibang panahon 'yun. Kita n'yo, ang Malakias 3 ay isang panahon, "Aking sinusugo ang Aking sugo sa harapan Ko."

⁹ Ang Malakias 4, sa pagparito niya, pagkatapos nga'y ang mundo'y masusunog, at ang mga matutuwid ay magsisilakad sa ibabaw ng mga abo, sa Milenyum, at di naman natin ginawa 'yun pagkatapos ng pagparito ni Juan. Pero mangyayari nga 'yun pagkatapos ng pagparito ng mensahero ng huling panahon na magpapanumbalik sa puso ng mga tao pabalik sa orihinal na Ebanghelyo, sa Pananampalataya ng unang mga magulang, 'yung katulad nga ng taglay-taglay nila dun sa—sa bagong Iglesya sa Jerusalem. At ang bagay na 'yun ay ipanunumbalik nga sa huling mga araw, sa mga . . . Grupo lang ito ng kakaunti, pero magiging katulad na katulad nga ng katangian nina Elias at Juan, na kapwa mangingibig ng ilang, "nangamumuhi sa kababaihan," at heto rin, at matinding bumanat sa mga denominasyon. At magiging ganung uri nga ng tao, pero taglay niya ang Katotohanan, isang pinagtibay, may pagkakakilanlan na Katotohanan. Yan ang ipinangako.

¹⁰ Ngayon, alam natin na bumaling si Jesus at sinabi dun sa tao, "Naparito na si Elias, at hindi ninyo ito nalaman."

¹¹ Ngayon hindi ba't nakakalungkot, na isa sa mga araw na ito, masusumpungan natin ang iglesya na narito na sa panahon ng kapighatian? Ngayon hindi po ako naparito para mangaral ng doktrina. Hindi ko po gagawin 'yun. Ginagalang ko ang mga kapatid kong kalalakihan dito. Pero kung maipaumanhin n'yo po, hayaan n'yong isingit ko lang ito pansumandali. Ako po, sa personal ko lang ito, hayang nga't, naniniwala akong ang iglesya ay dadaan talaga sa panahon ng kapighatian, pero hindi ang Nobya. Uh-huh. Ang Nobya kasi'y paparoon sa Tahanan. Kita n'yo, ang Diyos nga'y ilalabas ang Nobya palabas ng iglesya, gaya nung ilabas Niya ang isang bansa palabas ng isang bansa, ng Egipto. Kita n'yo? Ang Nobya, 'yun nga ang nalabi sa binhi ng babae, ang Hinirang. Nasa Kanya ngang pagpapasya kung saan Niya ilalagay ang padron, haya't ang nalabi nga 'yung tawag dun sa tinabas mula sa padron. Ang binhi ng babae ay naparoon sa kadiliman sa labas, siyanga, pero hindi—hindi ang Iglesyang hinirang. Ito, Ito'y nahatulan na't nilinis nang husto, dahil Ito'y nakay Cristo. Hindi nga 'yun dadaan sa kung anu-ano. Yung iba ang dadaan sa paghatol dahil di sila nakabilang.

¹² Ngayon, isa sa mga araw na ito, 'yung kakaunting bilang na 'yun, "Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Noe, kung saan wawalong kaluluwa lang ang naligtas sa pamamagitan ng tubig, ay gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao. Maging sa panahon ni Lot, kung saan tatatlong kaluluwa lang ang naligtas mula sa apoy, ay gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao."

¹³ Ang mga tao'y nakatingin sila sa malakiha't pandaigdigang kung ano, samantalang wala naman 'yun sa Kasulatan. Kita

n'yo? Isa sa mga araw na ito, sasabihin nila, “Buweno, ang akala ko ba’y sinabi ng Biblia na matatakas ang iglesya ang lahat ng ito?” Ang Nobya ang makakatakas dito.

¹⁴ At isipin n’yo nga ’yun, pagkatapos na si Noe. . . “Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Noe.” Pumasok si Noe sa loob ng daong at ang pinto’y isinara. Pumasok siya nang ika-labimpito ng Mayo, at isinara na ang pinto, at di umulan sa loob ng pitong araw pagkatapos niyang makapasok sa loob ng daong. “At di ’yun nalaman ng mga tao.” Isinara ng Diyos ang pinto.

¹⁵ At darating ang araw na ang pintuan ng awa’y isasara na. At ang mga tao’y patuloy lang sila sa buhay nila’t iniisip nilang ligtas sila’t, mangangaral, at kung anu-ano, at ang awa’y kanila na palang tinanggihan sa pinaka huling pagkakataon, at di nila ’yun namamalayan hanggang sa wala na ito.

¹⁶ Alalahanin n’yo, nasa daan-daang tao ang nawawala, kada araw, na di natin mahanap o maipaliwanag kung saan napunta, sa buong mundo. “May isa sa bukid, ang isa’y kukunin Ko, may isa sa . . . Dalawa sa higaan, at ang isa’y kukunin Ko.” Sa buong mundo ito, kaya hindi ganoong karami ang makakasama sa pagtakas na ’yun, ng Nobyang aagawin. Alalahanin n’yo ang mga tanda.

¹⁷ Ang Israel nga’y laging nakadepende sa mga tanda sa halip na mga intelektuwal na mga pananalita. Ganoon nga silang talaga. Nagsusugo ang Diyos sa kanila ng mga propeta. Ang mga propeta’y nagbibigay ng mga tanda.

¹⁸ At ang mga tanda, sa tuwing mayroong tanda, nakabatay sa Kasulatang tanda, kinakailangang may tinig na nakabatay sa Kasulatan na nakasunod sa tandang ’yun na nakabatay sa Kasulatan. At kinakailangang batay ’yun lahat sa Kasulatan, naipangako.

¹⁹ Kaya, kita n’yo, napapadpad kayo sa ganoong kiling. Gaya ni Luther sa pag-aaring ganap, ’yun ’yung nalalaman niya; ’yun na raw lahat, nakuntento na sila dun, at lumubog tuloy sila sa sarili nilang doktrina. Heto na’t dumating si Wesley dala-dala ang pagpapaging banal, na nilampasan ’yun; pagkatapos nag-organisa naman. Sunod na dumating ang Pentecostes na dala-dala ang pagpapanumbalik ng mga kaloob; at nag-organisa rin sila. At ang Diyos ay patuloy na sumusulong, tuluy-tuloy, sa tuwina, kita n’yo, para sa bawat panahon, bawat Kapanahunan ng Iglesya.

²⁰ May kahanga-hanga nga kayong larawan diyan, ngayong gabi, na nailagay diyan sa aklat, nang mag-tatatlong taon na rin, ’yung kung papaanong itinulot ng Panginoon na maiguhit ko ’yun sa pisara, at maipakita kung papaano huhupa ang Kapanahunan ng Iglesya, at kung kailan at kung papaano sila lilitaw at tapos lulubog. At pagkatapos na pagkatapos nun, ang dakilang Anghel ng Panginoon na ’yun, ’yung Liwanag na ’yun,

sa harap ng halos kasing dami rin ng mga taong narito ngayon, lumitaw mismo sa bahaging ito ng dingding, nakatayo roon. At may mga taong nahimatay. At iginuhit 'yun dun, Nito mismo, sa may dingding. Pagkatapos ng tatlong taon, ang buwan ay nagdilim at naganap talaga, nang sadyang sakto, nung araw na 'yun. . . bago 'yung papa, unang papa'y, magtungo ng Roma.

²¹ At kapag ang iglesia't ang konsehong ekumenikal ay handa na. . . Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, huwag n'yo nang hintaying simulan ko ang pagtalakay rito. Nandito na tayo mismo sa wakas, bawat tanda, bawat bagay ay nakalatag na mismo rito ngayon nang saktong-sakto.

²² Ang Diyos ay nagbibigay ng mga tanda, mga tandang batay sa Kasulatan, nakabatay sa Kasulatan na mga tanda ng isang tinig. Kung matatandaan n'yo si Moises. . . Para saan nga uli't nagbigay ng tanda? Para nga umakit ng atensyon. Ang tanda ay para umakit ng atensyon. Tapos kung ang tandang 'yun ay wala namang tinig, ibig sabihin ang tanda ay hindi tama. At kung ang tanda ay 'yun at 'yun pa rin ang ibinibigay na luma't makasimbahang tinig, ang tanda na 'yun ay di galing sa Diyos, kung ang tinig na 'yun ay di magkaroon ng pagbabago. At ang pagbabagong 'yun ay kinakailangang tanda na nakabatay sa Kasulatan, nakabatay sa Kasulatan na tinig.

²³ Sabihin na lang natin, kunwari, 'yung maka-denominasyon na tinig nung isang tao'y kahit may sinusundang tanda; di pa rin 'yun ipinadala ng Diyos. Maraming-maraming taon na rin tayong nagkaroon ng mga denominasyon. Kinakailangang bago dun. Kinakailangang GANITO ANG SABI NG PANGINOON na nasa Kasulatan. Kinakailangang ipinangako 'yun ng Diyos dito mismo sa Salita, at ang tanda ay para akitin ang atensyon ng mga tao rito. At pagkatapos may tinig na nakasunod dun sa tanda, 'yun 'yung turo't aral na nakalaki dun.

²⁴ Si Jesus ay isang Lalaking pinagpipitagan noon. Isa Siyang binatang guro, propeta ng Galilea. Siya, nung nagpapagalang Siya noon ng mga maysakit, at kung anu-ano pa, isa Siyang hinahangaang Lalaki. Pero nung isang araw, nung maupo Siya, nung simulan Niyang ipangusap 'yun at sabihin sa kanila, "Ako at ang Ama ay iisa." Yun 'yung tinig na nakasunod dun. Oh, hindi, hindi nga nila 'yun nagustuhan. Handa naman sila sa tanda, pero 'yung tinig nun ay di nga nila nagustuhan. "Kapag makita ninyong umaakyat ang Anak ng tao sa kung saan Siya nagmula," di nila 'yun makita-kita. Kita n'yo? Pero nung may tinig na't nakasunod sa tanda, ayaw naman nila ng anumang kinalaman dun. Sa tuwina nga'y tanda at tinig 'yun!

²⁵ Ang dahilan at hinubad ni Moises ang kanyang panyapak, inakit ng tanda ang kanyang atensyon. Tumanaw siya dun at nakita niya 'yun, 'yung punongkahoy na 'yun na nagniningas.

²⁶ Ngayon, isa nga siyang dalubhasa pagdating sa kemikal. Isa siyang mahusay na siyentipiko. Itinuro sa kanya ang lahat ng karunungan ng mga taga-Egipto. At may mga nagagawa nga sila noon na di natin kayang gawin ngayon, sa siyensiya; 'yung pagtatayo ng mga piramide, mga espinghe, may likido sila noon na pang-embalsamo na wala tayo ngayon, pangkulay na wala tayo ngayon. Isa nga 'yung higit na sibilisasyon kaysa sa, at mas edukado, kaysa sa mayroon tayo ngayon. At si Moises ang pinaka dalubhasa sa lahat ng tao dun. At nung makita niya ang punongkahoy na 'yun na nagniningas, at di matupok-tupok, wala ngang duda't nasabi niya, grabe, sa puso niya ay marahil nasabi niya, "Pupuntahan ko 'yun at pipitas ng ilang dahon at dadalhin 'yun sa laboratoryo, at susuriin kung anong kemikal ang naisaboy dun." Kung 'yun ang ginawa niya, disin sana'y hindi nakipag-usap 'yung tinig sa kanya.

²⁷ Hindi mo nga kayang apuhapin ang Diyos. Kinakailangan mong maupo sa tabi Niya't pag-usapan 'yun. Hubarin mo ang panyapak mo, na katumbas nga ng, pagsasantabi mo sa iyong edukasyon. Tumuon ka nang direktso sa Kanyang Salita, at sabihin mo, "Wala akong pakialam anuman ang sabihin ng iba. Iyong ipinangako ito rito sa panahong ito, at ito talaga ang Katotohanan." Hinubad ni Moises ang kanyang panyapak.

²⁸ Masdan n'yo ang tinig na nanggaling dun. Kung hindi 'yun tinig na nakabatay sa Kasulatan, hindi sana naniwala si Moises dun. Ang tanda nga'y pang-akit ng atensyon, at 'yung tandang 'yun ay nandun para akitin ang atensyon nung propeta.

²⁹ Yung propeta nga, mismo, ay isa nang tanda. Sa tuwing ang Diyos ay magsusugo ng propeta, tingnan n'yo nga't, may kasunod na kahatulan; noon pa ma'y ganoon na, at sa tuwina'y magiging ganoon pa rin ito. Hindi ito matatakas. At lampaslampasan lang ito—lang ito sa ibabaw ng mga tao, at wala silang kamalay-malay dun hanggang sa napalayo na. Hindi na nakapagtataakang sinabi ni Jesus, "Itinatayo ninyo ang libingan ng mga propeta, at pinapuputi, ngunit, heto't kayo naman ang naglagay sa kanila roon. At kung paanong ginawa iyon noon ng inyong mga magulang, ay gayon naman ang gagawin ninyo." At ginawa nga nila.

³⁰ Ngayon nakikita natin na heto na sa eksena, nakikita natin si Moises na paparating. At nakita nga niya 'yung kahoy na 'yun, at nilapitan niya 'yun. At may tinig na nanggaling dun, sabi, "Hubarin mo ang iyong panyapak, sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal." Hinubad nga niya ang panyapak niya't lumuhod. At ang sabi Niya, "Ako ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob." Hayun nga roon ang nakabatay sa Kasulatang tinig. "At naalala Ko ang Aking pangako, at nakikita Ko ang pagdadalamhati ng bayan Ko. Naalala Ko ang Aking pangako, at isinusugo Kita roon para gawin ito. At gagawin nga Kitang tinig Ko.

³¹ “At bibigyan Kita ng dalawang tanda. At isa dun ay ang iyong kamay, at pupulot ka’t gagawin ang ahas na maging . . . o ang isang tungkod na maging ahas.” At—at ’yung kasunod nun, ilalagay niya ang kanyang kamay sa kanyang sinapupunan, at Makalangit na gagaling. Sabi, “Kung sila’y hindi maniwala sa tinig ng unang tanda, kung gayon ay paniniwalaan nila ang tinig ng ikalawang tanda. At kung hindi pa rin, kumuha ka ng tubig sa ilog, ibuhos mo ito sa lupa, at magiging dugo ito. Yaon nga, ang kanilang dugo na nakadanak na dun. Katapusan na ng Egipto.”

³² Taglay na natin ang una, at maging ang pangalawa. Iniisip ko kung ang kasunod ay di kaya pagdanak na ng dugo. Iniisip ko nga kung saan na kaya tayo nakatindig, ngayong gabi? Mga tinig at mga tanda, binibigyan na sila ng Diyos ng mga tanda. Huwag lang, isipin n’yo talaga nang sadya—nang sadya ang mga bagay-bagay na nasaksihan natin mismo na ipinangyari, nakabatay sa Kasulatang mga Tinig, interpretasyon.

³³ Ngayon dito mismo sa nakasisilaw na liwanag kung saan nananatili pa rin ang mga tao, ang mga mata nga nila’y silaw na silaw na’t, “Kaanib ako sa *ganito*. Kaanib ako sa *ganoon*.” Walang anumang kinalaman diyan ang Diyos maski katiting, walang kinalaman talaga.

³⁴ Ang Diyos, sa bawat salinlahi ay nagpadala ng Kanyang mga tanda. Sinabi ni Jesus, bago ang Pagparito Niya na Siya’y magpapakita ng mga tanda, bago ang Pagparito Niya. Ang mga tao nga sa tuwina, tandaan n’yo, ay nakakiling na maniwala sa mga tandang nakabatay sa Kasulatan. Kinakailangan ngang ang mga ito’y mga tanda na may pagkakakilalang nakabatay sa Kasulatan. Ang Diyos nga sa tuwina’y . . .

³⁵ Gaya ng nabanggit ko kagabi, masyadong nakakalikot ito nang husto ng iglesya at kaya naman nawawala, at pagkatapos ay magpapahid Siya ng isang tao. Bawat tao’y iba sa isa pa. Siya nga’y magpapahid ng isang tao. Isa ang Diyos, at kaya isa ang pinapahiran Niya. Kahit kailan ay hindi Siya gumamit ng grupo. Isa lang ang ginagamit Niya; sa tuwina. Hindi Niya binabago ang pamamaraan Niya. Isa lang ang ginagamit Niya. At isusugo Niya ’yun, ipangangaral ang Mensahe. Tatanggihan, nang tahasan; pero ang lahat ng magsisilapit, ay tunay ngang magsisilapit, galing sa salinlahing ’yun. Unang pagbabantay, ikalawa, ikatlo, ika-apat, ikalima, ika-anim, tapos ikapito, at pagkatapos paririto na ang Nobyo. At narito na tayo sa ikapito.

³⁶ At nakikita natin ang mga iglesyang maka-denominasyon sa pamamalakad nila . . . At ako nga’y nahihya, na kayong mga Christian Business Men, nung isang gabi, nakalagay dun sa aklat, sa aklat n’yo ng Business Men, “Santo Padre *Ganito-at-ganoon*.” Hindi n’yo ba nalalaman kayo na mga Pentecostal na “hindi natin dapat tinatawag ang sinuman na, ‘Ama,’ sa lupang ito”? Ipinapakita lang n’yan na may kung anong uri ng silaw na bumubulag sa inyong mata. Oo. At hindi n’yo ba napagtatanto,

na 'yung mga taong 'yun, ang sabi ng Biblia, nung ang—nung 'yung nalalabing 'yun “mga natutulog na dalagang nagsipunta para bumili ng Langis,” haya't hindi nila 'yun natamo? Marahil sila'y nakapagsayaw pa nga sa Espiritu, nakapagsalita ng iba't ibang wika. Pero nakita ko nga ang mga diyablong ganun din naman ang ginagawa; wala talagang kinalaman 'yun dito. Ang ipinapangusap ko rito'y ang Espiritu Santo, ang Espiritu Santo ng Biblia.

³⁷ Nakita ko nga sila na ganun ang ginagawa sa mga lugar ng mga pagano. Pitong beses na akong umikot ng buong mundo, sa lahat—sa lahat ng klase ng mga pagano, at nasa daan-daang makalibo, aabot ng higit sa sandaan at limampung libong tao at, oo, o limampung libong tao ang magtitipun-tipon sa isang pagkakataon. At nakita ko roon kung paanong hahamunin ka ng mga mangkukulam at lahat na. Kaya dapat alam mo ang sinasabi mo dun. Dapat hindi lang intelektuwal na pananalita ang mayroon ka dun. Kinakailangang kinasangkapan ka, ng Diyos, na suportado ang sinasabi mo dun, o huwag ka na lang pumunta sa dakong 'yun. Papahiyain ka lang nila dun.

³⁸ Pero, alalahanin n'yo, ang Diyos natin ay siya pa ring Diyos ni Elias. Siya pa rin ang Diyos kung ano Siya noon. Siya pa rin ang siyang Diyos na 'yun. Kumikilos Siya sa ganoon pa ring pagkilos nang paulit-ulit. Ganoon at ganoon pa ring bagay ang Kanyang ginagawa. Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nasaksihan ko nga sila na natulala na lang dun, natigilan, at nagsilayas na lang sa dakong 'yun. Ang Diyos nga'y nananatiling Diyos. Pansinin, ngayon, sinabi nga ni Jesus na mangyayari ang mga bagay na ito sa huling mga araw, at heto ngang nakikita na natin mismo rito ang mga tanda ng Kanyang Pagparito. Lahat!

³⁹ Lahat nga tayo'y nagkakasundo na narito na talaga tayo sa katapusan ng sanlibutan. Pero pagdating sa bababa na Siya sa Iglesya, at sa mga bagay-bagay na ipangyayari Niya sa Iglesya, sa Katawan, sa Nobya sa huling mga araw, hayan nga't taas-ilog tayo't nilalayanan natin. Kita n'yo, pero sadyang ganun talaga ang dapat na mangyari. Magtataas-ilog ang sanlibutan laban Dito. Pilit nila Itong iniitsa-puwera.

⁴⁰ Tingnan n'yo nga itong mga programa rito sa telebisyon, na tuloy maraming mga Pentecostal ang nagpapaiwan na lang sa bahay tuwing Miyerkules ng gabi para manuod ng *We Love Sucey*, manuod ng imoral na gawain ng kung sinong babaing apat o limang beses nang ikinasal, o kung sinong lalaki, at mas iniibig pa 'yun kaysa sa inyong Ig- . . . inyong Cristo. Kaya di na nakapagtataakang wala sa ating nangyayaring rebaybal, di na nakapagtataakang nakukuha natin 'yung kung anu-anong 'yun, dahil hetong ang pag-ibig sa sanlibutan ay mas higit pa kaysa sa pag-ibig n'yo sa Diyos sa inyong puso.

⁴¹ Oh, puwede na raw tayong lumakad at gumawa ng sarili nating desisyon, ilagay lang natin ang pangalan natin dun sa aklat ng pagdalo, at sige't lumabas at mamuhay sa sanlibutan. Yan ang gustong mangyari ng sanlibutan. Yan ang gusto ng iglesya. Gusto nitong nandiyan lang 'yung pagpapahayag nila, at maniwalang Cristiano pa rin daw, at mamuhay sa paraang gusto nito. Huwag kayong mag-alala, sa konsehong ekumenikal ay tiyak magagawa n'yo 'yan. Hahayaan ka lang nila kasing gawin mo ang gusto mo.

⁴² Pero, tandaan n'yo, ang Nobya'y isang tinawag palabas, ibinukod at ibang-iba, puspos, ipinanganak ng Espiritu Santo, hinugasan sa Dugo ng Cordero. Iiwasan niya ang anumang bagay na marumi, sa paligid ng kanyang Asawa. Siya'y isang dalagang malinis, dinalisay, sa pamamagitan ng Salita. Ang Salita at siya ay iisa. Kung papaanong ang lalaki at ang asawa niyang babae'y naging isa, sa pakikipag-isa, ay gayundin ang tunay na totoong Iglesya ng Diyos. Sa puntong 'yun na siya'y mapasa kay Cristo na, ang Biblia ay sasang-ayunan niya nang may diin sa pamamagitan ng "amen," bawat pangako. Hindi na niya alintana anuman ang sabi-sabihin ng denominasyon. Yung kaluluwa na nandun mismo sa mananampalataya, ay sasang-ayunan ito nang may diin, dahil 'yun 'yung Salita na nandun sa kaloob-looban niya na nagsasalita.

⁴³ "Ang Salita ay matalas kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, madaling kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso." Yan ang sinasabi ng Biblia. Sa ganoon ngang paraan ito napagtitibay at nakikilala.

⁴⁴ Pansin n'yo, kapatid ko, pansinin n'yo. Nakakalungkot nga na di man lang natin makita-kita ang mga bagay na ito. Sinabi na ito noon ni Jesus.

⁴⁵ Siya ang tanda nila na nakabatay sa Kasulatan, at ang mapagkilala nila Siya'y hindi nila nagawa. Siya mismo 'yung tanda na 'yun na nakabatay sa Kasulatan. Sinabi na Niya sa kanila na Siya talaga 'yun. Ang sabi Niya, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang siyang nagpapatotoo tungkol sa Akin. Kung di Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo itong sampalatayanan."

⁴⁶ Bawat isa kasi'y may sari-sariling silang interpretasyon. Bawat denominasyon ay may mga seminaryo, dun nila pinipisa ang mga de incubator nilang mangangaral. Ako nga'y noon pa man ay awang-awa sa mga manok na pinisa sa incubator, wala kasi itong nanay; kahit magsisiyap ito nang magsisiyap, walang nanay. Ganoong klase ng mga ministro ang inilalabas ng mga makinaryang ito, na kadalasan mas wala pang alam sa Diyos kumpara sa isang Hottentot na mas may alam pa tungkol sa mandirigmang Egipcio, o isang kuneho na mas maalam pang magsuot ng sapatos na pang-niyebe.

47 Ang kailangan nga natin ay isang mangangaral na hinubog ng karanasan na nanggaling sa likuran ng ilang, na nanatili sa dakong 'yun sa ilalim ng Diyos hanggang sa ang Haliging Apoy ay bumaba sa harapan niya gaya nung bumaba Ito noon kay Moises, at kaya walang kahit sinong makakawaglit nun sa kanya. Nandun kasi siya nung mangyari 'yun. Ngayon totoo ito. Balik sa Diyos, at balik sa Kanyang Biblia!

48 Nagwika si Jesus, “Kung nakilala ninyo sana Ako, ay inyo sanang nakilala ang Aking araw.”

49 Bawat isa'y may sari-sarili silang interpretasyon. Yung Methodist mayroon silang sarili. Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, lahat sila'y may sari-sarili silang interpretasyon. Pero sinabi naman ng Biblia, na, “Ang Salita ay di nagbubuhay sa sariling pagpapaliwanag.”

50 Ano ngayon ang interpretasyon Nito, kung ganun? Siya Mismo ang gumagawa ng Sariling interpretasyon. Sinabi Niya, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Di na nun kailangan ng anupamang kapaliwanagan. Sinabi Niya, “Isang dalaga ang maglililihi,” at naglihi ang dalaga. Di na kailangan ng anupamang interpretasyon.

51 Sinabi Niya, “Sa huling mga araw, ay Kanyang ibubuhos ang Kanyang Espiritu sa lahat ng laman,” at ginawa nga Niya. Di na nun kailangan ng anupamang interpretasyon. Ginawa na 'yun mismo, sa harapan mismo ng mga kritiko na nagsasabing di raw 'yun maaaring magawa. Diyos na mismo ang gumawa, hayan nga, dahil Siya ang nagpapaliwanag ng Kanyang Salita.

52 Sinabi Niya ito, “Kung paano ang mangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin ang mangyari sa huling panahon, kapag ang Anak ng tao ay inihahayag na.” At ipinangyari nga Niya ito. Di na nun kailangan ng anupamang kapaliwanagan. Ipinapaliwanag Nito ang Sarili Nito, lahat nitong mga pangako na ipinangako Niya.

53 Sabi Niya, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa, ang mga bagay na Aking ginagawa, ay gagawin din naman Niya.” Di na nun kailangan ng anupamang kapaliwanagan, basta ginagawa na lang Niya ito. Yun na 'yun. Kung . . . “Ako ang Puno ng Ubas, at kayo ang mga sanga.” Ang siya ring Buhay na nandun sa Puno ay nandun din sa mga sanga, sa siya ring mga sangang umusbong noon sa Araw ng Pentecostes.

54 Nakatayo ako nung isang araw at nakakita ako ng isang mahiwagang tanawin. May mabuti akong kaibigan, at kaibigan ni Jack Moore. Si John Sharrit, pinagpala siya ng Panginoon, sa unang bahagi ng pagmi-ministeryo. Wala siyang mga anak. Kumikita siya ng beinte singko sentimos kada oras sa kanyang trabaho, sa pagbubutas ng semento sa kalsada. Dumalo siya noon sa pagtitipon, pinagpala siya ng Diyos; nagkaroon siya ng

limang anak, at ngayon kalahati ng Phoenix ay pagmamay-ari niya. Nasa dalawa o tatlong milyong ang naibibigay niya, kada taon, sa Panginoon. Nakatayo ako sa bukid niya isang araw, di pa katagalan, sa isa sa mga bukid niya, may labinlimang daang Mehikano siya roon na nagtratrabaho nang tuluy-tuloy. At 'yung buong sakahan ay walang ibang nandun kundi bulak, patatas, sakahan bawat sakahan. Siya mismo ang nagmamay-ari nun, siya mismo, at labinlimang taon ang nakararaan ay sangkapat na dolyar lamang ang kinikita niya kada oras, sa pagtitibag ng semento. Siya'y nagtiwala nga sa Diyos.

⁵⁵ Tinitingnan-tingnan ko 'yung isa sa mga punongkahoy niya roon, at napakarami nung iba't ibang klase ng prutas. May malalawak siyang pataniman ng citro. At sabi ko, "Kapatid na Sharrit, Anong mayroon sa punongkahoy na 'yan diyan?"

Sabi niya, "Kapatid na Branham, namumunga 'yan ng iba't ibang klase ng prutas."

⁵⁶ Sabi ko, "Buweno, may limon, may . . . may nakikita akong mandarina, lukbanita. May nakikita akong limon, lukban, at dalandan." Sabi ko, "Anong klaseng puno 'yan?"

Sabi niya, "Puno ng dalandan."

Sabi ko, "Dalandan? Pero namumunga ng lahat ng 'yan?"

Sabi niya, "Oo, hinugpungan kasi ito. Dinugtungan ito."

Tapos sabi ko, "Oh, nauunawaan ko na. Yun pala 'yung tinatawag n'yong paghuhugpong?"

⁵⁷ Sabi niya, "Oo, Kapatid na Branham." Ipinaliwanag niya kung paano nila 'yun ginagawa, mga ilang beses sa isang taon, kung paano nila kinakayuran 'yung sanga nito.

⁵⁸ Sabi ko, "Ngayon, sa susunod na taon, wala na sigurong mandarina, wala nang lukbanita, wala nang iba't ibang prutas ito kundi dalandan na lang marahil."

⁵⁹ Sabi niya, "Oh, hindi. Hindi, hindi." Sabi, "Yung lukban ay mamumunga, 'yung sanga ng lukban ay puno pa rin ng lukban kaya ang bunga, lukban pa rin. Yung mandarina'y mandarina pa rin ang ibubunga. Yung limon ay limon ang ibubunga."

"Buweno," sabi ko, "anong klaseng puno 'yan?"

Sabi niya, "Puno ng dalandan," sabi niya.

⁶⁰ "Pero kung ang puno ng dalandan na 'yan ay mag-uusbong ng panibagong sanga," sabi ko, "ano ang ibubunga nun?"

Sabi niya, "Dalandan siyempre."

Sabi ko, "Nauunawaan ko na." Oh, oo. Bakit? Mga bunga kasi ng citro silang lahat.

⁶¹ Lahat tayo'y sinasabi nating nakay Cristo tayo. Pero kung papaloob nga tayo Roon, na may maka-denominasyong kredo, mabubuhay pa rin tayo sa pamamagitan Nito. Tama. Pero kung

ang Punongkahoy na 'yun ay mag-uusbong ng panibago uling sanga, magiging panibagong Aklat nga 'yun ng Mga Gawa na nakasulat sa mismong likod nun. Magiging katulad ito nung unang sanga, na umusbong dun. Mapupuspos ito ng Espiritu Santo, kinasihang ng Espiritu Santo, Espiritu Santo! Wala 'yung magiging kredo. Salita lamang.

⁶² Marami sa inyo na nakakakuha nung mga teyp ko, nakuha n'yo na 'yung Mensahe tungkol sa *Ang Punongkahoy Na Nobya*. Yung pinaka bunga ay nandun mismo sa pinaka tuktok, para pahinugin nung—nung panggabing mga Liwanag. Ngayon, at pinahihinog na nung panggabing mga Liwanag 'yung bunga sa panahong ito.

⁶³ Ngayon, nakita natin na ang dapat sana'y nakilala na nila Siya, pero di nga nila Siya nakilala. Maging ngayon sa panahon natin ay ganun din, di nila Siya makila-kilala. Ibinabaling sila rito ni Jesus. . . Bilisan na po natin ngayon, para makadako na tayo sa Mensahe. Ibinabaling sila pabalik rito ni Jesus, at Siya nga'y gumagawa na ng mga tanda, ipinapakita mismo sa kanila na Siya yaong Mesiyas, nang eksakto kung ano ba talaga dapat ang gagawin ng Mesiyas, ginaganap yaong mismong tanda ng Mesiyas. Oh, marami sa kanila, sa ipinangusap natin kagabi, ang nanampalataya rito.

⁶⁴ Nakita natin na 'yung—'yung babae sa may balon, di nga siya edukado. Masama ang reputasyon niya. Pero pagkakita na pagkakita niya dun sa tanda, sabi niya, "Ginoo, napagtatanto kong isa Kang propeta. At alam kong sa pagparito ng Mesiyas, haya't gagawin Niya ito."

Sabi Niya, "Ako nga Siya na nagsasalita sa iyo."

⁶⁵ At nung magtungo na siya sa bayan ng Sicar, mangyaring sinabi niya sa mga tao roon ang lahat ng mga bagay na ginawa nung Lalaking 'yun, ang sabi, "Magsiparito kayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng ginawa ko. Mangyari kayang ito na ang Mesiyas?" At sinabi ng Biblia. . . Kahit na di na Niya ginawa uli 'yun, haya't nanampalataya sila sa Kanya, sa Kanya, dahil dun sa patotoo nung babaing may masamang reputasyon. Ngayon kung di pa naman 'yan ang tinutukoy dun na pagbangon sa mga araw ni Jonas at paghatol sa lahing ito?

⁶⁶ Pansinin n'yo, nakita natin dun, hayan nga, si Natanael, si Pedro, at pati 'yung iba pa, na nagsisampalataya. Nakita natin ang bulag na si Bartimeo.

⁶⁷ Nakita natin ang maliit na si Zaqueo dun sa isang puno, nagtatago. "Si Jesus," sabi niya, "hinding-hindi Niya ako makikita rito sa itaas."

⁶⁸ Tapos tumayo dun si Jesus sa ilalim mismo nung puno, at tumingala at ang sabi, "Zaqueo, bumaba ka riyang." Siya ang Salita, at kinikilala ng Salita ang pag-iisip na nasa puso.

69 Samantalang ang mga Fariseo at mga iskolar ng panahon na 'yun, ay binabatikos Ito, dahil wala Itong makasimbahang kapinuhan at kasikatan na dapat mayroon daw ito. Wala raw edukasyon na masasaligan na dapat mayroon daw ito. Wala raw kakinang-kinang at—at kung anu-anong bagay na dapat mayroon daw ang isang pang-simbahang ministro, na dapat may itinatakip daw sa ulo, de tuping kuwelyo, at kung anu-ano pang iba't ibang bagay, na dapat may taglay pang—pang—pang pananalita na kung bibigkasin, ay talagang angkat sa ibabaw ng pangkaraniwang mga tao.

70 At sinabi ng Biblia, “Ang karaniwang tao ay nangakinig sa Kanya nang may galak.” Pangkaraniwan na pangkaraniwan ang gamit Niyang pananalita. Buhay ng pangkaraniwang tao ang ibinuhay Niya.

71 Pagkatapos nakita natin na sa paggawa ng ganun, nakita natin kung anong nangyari. Ngayon di nga nila mapaniwalaan ito, at ang sabi nila, “Ang lalaking ito ay Beelzebub. Masama Siyang espiritu.” Sa ibang pananalita, “Alinman sa Siya'y nakakapagbasa ng isip o—o marahil Siya'y may . . . Siya, Siya'y isang manghuhula na parang ganun.” At alam ng lahat na sa diyablo ang ganun, at panggagaya 'yun. At heto na nga't nakita natin na binatikos nila Siya.

Pagkatapos may tumayo roon, ang sabi, “Guro, pakitaan Mo kami ng isang tanda.”

72 Ano ang isinagot Niya sa kanila? Sabi Niya, “Ang isang lahing masama't mapangalunya ay humahanap ng mga tanda.” Ngayon masdan, “Isang lahing masama at mapangalunya.” Nagpropropesiya Siya rito. Sabi Niya, “At matatamo nila ito, ng masama't mapangalunyang lahi.” At kung hindi pa 'yan ang salinlahing kinabubuhayan natin, hindi ko alam kung bakit pa. Tandaan n'yo, lahat ng propesiya'y may tambalang kahulugan.

73 Puntahan n'yo 'yung Mateo, sa ika-3 kabanata, kung saan ang sabi Nito rito, “Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak.” Tugaygayin n'yo ang sanggunian at makikita n'yo riyan na ang tinutukoy Niya dun ay si Jacob, ang Kanyang anak. Pero ang lalong higit din Niyang Anak, na si Jesus, ay Kanyang tinawag mula sa Egipto.

74 Ngayon nalaman natin dun, “Ang isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng isang tanda, at matatamo nila ito, sapagkat makikita ng masama at mapangalunyang lahi ang tanda ng muling pagkabuhay. Kung papaanong si Jonas ay napasa—napasa tiyan ng balyena nang tatlong araw at gabi, ay gayunding mapapasa ilalim ng lupa ang Anak ng tao, at pagkatapos ay Siya'y babangon.” Dalawang libong taon na ang lumipas, at mayroon na naman tayong panibagong salinlahi na masama't mapangalunya. At pinatatamo na sa kanila ang tanda ng Cristong nabuhay muli, na buhay na buhay sa gitna natin,

matapos ang labing siyam na raang taon! Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

⁷⁵ Si Jonas, kilala natin siya, alam nating isa siyang propeta. Maraming nagsasabing isa raw siyang—isa raw siyang lagalag. Hindi po. “Ang matuwid-. . .lakad ng matuwid ay itinatag ng Panginoon.” May binabasa akong aklat di pa katagalan. Siya nga'y nagpunta ng Tarsis, o papunta pa lang, sa halip na sa Ninive, pero ang lahat ng 'yun ay plano ng Diyos. “Ang lakad ng matuwid.” Dahil, kung minsan may nangyayari talagang masama sa iyo, o kung ano.

⁷⁶ Ganun nga ito noon kay Job. Di siya. . .Si Job ang pinaka mabuting tao sa lupain, nung panahon niya, pinaka mabuting tao na mahahanap ng Diyos, at sa kabila nun tingnan n'yo ang nangyari sa kanya. Hindi Niya siya kinakastigo. Kanya lang siyang sinusubok. Pinatutunayan lamang Niya kay Satanas na may tao Siya na nakakasampalataya pa rin sa harap man ng paghihirap.

⁷⁷ Kaya ganun din ito kay Jonas. At nakita nga natin siya sa kanyang lakad patungong Ninive, at sumakay siya ng barko patungong Tarsis, at pagkatapos siya'y. . .At 'yung dagat ay nangalit, at tulog siya noon. Sinabi niya sa kanila, “Itali ninyo ang mga kamay ko't paa, at ihagis ninyo ako, dahil ako ang may sanhi nito.” At nung maihagis na nila siya, may malaking balyena dun na lumalangoy-langoy sa katubigan, umaaligid-aligid, at nilamon 'yung propeta.

⁷⁸ Naalala ko, di pa katagalan, sa Louisville, Kentucky, kung saan dati akong nakatira sa kabila lang nung ilog sa Indiana. May balyena sila roon, na nakapatong sa—sa talipya ng tren. May munting Ricky dun na sa sobrang talino niya ay di niya mapigil-pigil ang sarili, sabi niya, “Ngayon narinig n'yo na 'yung matandang kuwento tungkol sa balyena na nilamon si Jonas.” May dala siyang bola ng beysbol, iniumpang niya 'yun sa lalamunan nung—nung balyena, tapos sabi niya, “Tingnan n'yo ito.” Sabi, “Itong, bola ng beysbol ay di magkasya-kasya rito.” Sabi niya, “Yung matandang kuwento ni—ni Jonas na nilamon siya ng balyena,” sabi niya, “kathang-isip lang 'yun.” Grabeng paratang 'yun na di ko na kayang tumayo lang dun.

⁷⁹ Sabi ko, “Sandali lang, ginoo.” Ipinaliwanag nga niya ang tungkol dun, sinasabi niya kung gaanong kaimposible para sa isang tao na makapasok sa lalamunan nun. Sabi ko, “Hindi mo nabasang maigi ang Kasulatan, ginoo. At di lang 'yun isang kathang-isip. Katotohanan 'yun.”

Tiningnan niya ako at ang sabi, “Sino ka?”

Sabi ko, “Ako si Reverend Branham, dito lang ako sa tawid ng ilog nakatira.”

Sabi niya, “Oh, siyanga naman, isang mangangaral na naniniwala sa ganun.”

Sabi ko, “Nang buong puso ko, nang buong puso ko.”

⁸⁰ Tapos sabi niya, “Buweno, alam mo,” sabi niya, “tingnan mo, ginoo, hindi naman sa nakikipagtalo ako. At ako’y—ako’y wala namang masabi sa tayo mo, at kung anu-ano pa, pero,” sabi, “batay sa siyensiya,” sabi, “ni di mo nga maipagkasya ang kamay ng isang tao sa lalamunan nun.”

⁸¹ Sabi ko, “Ginoo, di mo nabasa nang tama ang Kasulatan. Ang sabi ng Biblia isa itong bukod-tanging ‘inihandang isda.’ Siyanga. Sinabi ng Diyos na Siya’y ‘naghanda ng isda.’ Bukod-tangi siya.”

⁸² Naniniwala akong anuman ang sabihin ng Diyos ay totoo. Isa’yung bukod-tangi. Itinaas-baba niya ang kanyang ilong, habang nakasuot ng salamin, nang dalawa o tatlong beses, at nagpatuloy sa pagpapaliwanag niya dun. Isang bukod-... At nagtawanan lang ang lahat. Isa’yung bukod-tanging isda. Naghanda ang Diyos ng isda para lamunin si Jonas. Grabe! Naniniwala ako rito nang buong puso ko. Ngayon, nakita natin, na nung kanyang... Nilamon siya nito.

⁸³ Lahat ng, isda, pagkatapos nitong makakain, nagpupunta ito dun sa pinaka ilalim. Pakainin n’yo ang inyong goldfish at panoorin n’yo kung anong mangyayari. Nagpupunta nga sila dun sa pinaka ilalim nung lalagyan na pinaglagyan n’yo sa kanila, at ipapahinga lang nila dun ang maliliit nilang palikpik sa ilalim. Busog ang kanilang munting tiyan, at kaya nandun sila sa ilalim para makapagpahinga.

⁸⁴ Kaya naman nung lamunin na nung malaking isdang ito si Jonas, marahil nagpunta ito dun sa pinaka ilalim mismo, para makapagpahinga, malayo sa mga alon-alon at malayo sa bagyo. Tumingin-tingin siya dun sa rebaybal, baka sakaling makakita siya ng puwede niyang masumpungan dun; at’yung rebaybal nga sa dagat, alam n’yo, taas-baba ang mga alon, mga hangin. Pagkatapos nakita niya itong mangangaral na ito at nilamon niya ito, at nagpunta na roon sa kailaliman.

⁸⁵ Ngayon heto nga, si Jonas na nandun mismo sa tiyan nung balyena, habang nakatali ang kanyang mga kamay at mga paa, nanlilimahid sa suka ng balyena.

⁸⁶ Ngayon madalas akong nakakarinig ng mga taong ang sabi, “Ipinanalangin na ako kagabi, at—at’yung kamay ko nama’y di naman umayos ang lagay. Pilay pa rin. May sakit pa rin naman ako sa tiyan. Yung mga mata ko, di pa rin naman ako makakita nang maayos.” Oh, naku! Tapos pupuna-punahin n’yo si Jonas? Grabe!

⁸⁷ Kung may taong dumanas ng lahat na ng grabeng sintomas, ay siya na’yun. Kung titingin siya sa gawing *ito*, aba’y tiyan ng balyena; sa gawi *roon*, tiyan pa rin ng balyena. Saanman siya tumingin ay tiyan pa rin ng balyena, at ang mga kamay niya’y nakatali sa likuran niya. Nandun siya sa—sa tiyan mismo

nung balyena, sa kailaliman ng dagat, nasa halos apatnapung dipa ang lalim, sa kailaliman ng dagat. Ngayon nababanggit na lang din ang mga sintomas! At pagkatapos tatawagin n'yo siyang tumalikod sa pananampalataya.

⁸⁸ Pero alam n'yo bang sinabi niya? “Mga walang kabuluhang pandaraya lang ang mga ito. Ni hindi ko titingnan ang mga ito. Ngunit minsan pa’y titingin ako sa Iyong banal na templo, Panginoon.”

⁸⁹ Ngayon, batid nga ni Jonas na nung ihandog ni Solomon ang templo, nanalangin siya at ang sabi, “Panginoon, kung ang Iyong bayan ay nasa panganib saan mang dako, at titingin sa banal na dakong ito, kung gayo’y dinggin Mo sa Langit.” At kung ganun na lamang ang tiwala niya sa lalaking tumalikod daw sa pananampalataya, na nanalangin nang ganun. Papaano pa kaya ang . . .

⁹⁰ Ni hindi nga ganoong kalala ang kalagayan natin, ngayong gabi. Wala ngang ni isa sa atin dito ang may ganoong klase ng sintomas. At pagkatapos titingin tayo sa mga sintomas natin? Bakit? Bakit? Kung ganun na lamang ang tiwala niya sa isang lalaking tumalikod daw sa pananampalataya . . . Samantalang tayo ngayon ay sa mismong Langit na pinatitingin, kung saan nakaupo si Jesus sa kanan ng Karangalan sa Kaitaasan, sa isang Templo na di gawa ng mga kamay. Siya nga’y inaasahan Doon na mamagitan sa inyong pagpapahayag. Hindi ba’t mas lalo pa ngang dapat nating huwag pansinin ang mga sintomas natin, at, “Minsan pa’y titingin ako sa Iyong banal na pangako, Panginoon!” Oh, ang ganda, ’yang makita pa natin ang Diyos sa mismong tagpo!

⁹¹ Ngayon nakita natin, si Jonas, ang sabi nila’y dinala siya nung balyena sa loob nito nang tatlong araw at tatlong gabi, ibinalik siya sa pinanggalingan, tinugaygay ang daan pabalik, nagpunta dun. At ngayon ang mga mamamayan ng Nineve, sila nga’y katulad na katulad ng mga tao sa sanlibutan ngayon. Malawak ang sakop ng pagnenegosyo sa kanila, ang industriya nila dun ay pangingsda, at lahat ng tao ay nangingisda. At sila nga’y sumasamba sa mga diyus-diyosan, at balyena ang diyos ng dagat nila dun. At isang araw, mga bandang alas onse, nung lahat sila’y nasa laot at nangingisda, heto ngang pumalaot ang diyos nila ng dagat, at inilabas nito ang dila nito, at lumakad ’yung propeta sa tulay-tulayan. Di na nakapagtataakang nagsisi ang mga tao. Uh-huh. Kita n’yo? May tanda. Isa ’yung tanda.

⁹² Ano naman ’yung naging tinig? Ano ’yung tinig, “Nakikita n’yo ba mga kasamahan ang mga bagay na kaya kong gawin?” Hindi. “Mangagsisi kayo, o sa loob ng apatnapung araw ay wawasakin ng Diyos ang lugar na ito.” Tanda at ’yung tinig. Yung tinig na kasunod nung tanda, “Mangagsisi kayo!”

93 Sabi Niya, “At ’yung mga tao sa dakong ’yun na di man lang nalalaman ang kanang kamay sa kaliwa, sila’y nangagsisi sa pangaral ni Jonas, at dito’y may isang lalong dakila kaysa kay Jonas.” Kita n’yo? Tapos sabi Niya, “Magbabangon ang reyna ng Timog sa . . . sa kanyang salin- . . . kasama ang lahing ito, at ito’y hahatulan; sapagkat siya’y nanggaling pa sa mga wakas ng lupa upang pakinggan ang karunungan ni Solomon, at dito’y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon.” Ngayon nung . . .

94 Sa pagtatapos, sasabihin ko ito. Sa tuwing ang Diyos ay magpapadala ng kaloob sa lupa, isang kaloob-na-tanda, at sasampalatayanan ito ng mga tao, ’yun nga’y magiging isa sa pinaka maluwalhating kapanahunan na kinabuhayan ng tao. Pero kung magpapadala Siya ng tanda at tatanggihan ’yun, ang salinlahing ’yun ay mapupunta sa kaguluhan. Sa tuwina ’yan. Ano kaya kung ang mga mamamayan ng Amerika, sa gabing ito, ay tatanggapin ang tanda ng Diyos sa huling mga araw na ito?

95 Aba, ang bukambibig nga nati’y magpunta ng Fort Knox at ilipat dun ang gobyerno, at humukay nang malalim sa lupa. Aba, ’yung mga bomba nga ng Rusya’y kaya nung bumutas nang marahil sandaan, dalawang daang yarda pailalim sa lupa, at pasabugin ’yun nang nasa sandaan at limampung milya ang sakop, aba, ’yung gagawing butas nun ay hahagipin maging ’yung—’yung kumukulong putik sa ilalim. Hindi kayo ligtas sa mundong ito. Iisang dako lang ang may kaligtasan, ’yun ay sa mga bisig ni Jesus Cristo. Yun lang ang ating matatakbuhan.

96 Pero ano kaya kung tayo mismo, ngayong gabi, bilang mga Amerikano, haya’t tayo nga’y magtitiwala sa kaloob na ’yun na ibibigay sa atin ng Diyos, ang Espiritu Santo, sa huling mga araw na ito? Aba, bawat bansa nga’y matatakot sa atin, gaya nung panahon noon ni Solomon.

97 Pinagkalooban ng Diyos si Solomon ng isang kaloob, at ang buong iglesya, bawat isa’y, nagsisampalataya dun. Isa ’yung milenyum para sa mga Judio. Isa ’yung milenyum sa Lumang Tipan, sa panahon ni Solomon, isang paunang pagpapakilala sa Milenyum na parating. Ginintuang panahon ng mga Judio! Pansinin n’yo, walang kahit sino dun ang nagdeklara ng giyera laban sa kanila. Natatakot ang mga bansa sa kanila, dahil alam nila na ang Diyos nila ay tunay. Dahil, Siya nga’y kapiling nila, at ang mga tao’y may iisang puso at nagkakalakit-lakit sila na nagkakaisa. Aba, kumalat ang balita ng katanyagan sa lahat ng dako. Saanmang lupalop, haya’t maririnig mo, “Oh, isang napakadakilang bagay ’yun, may makapangyarihang Diyos ang Israel, buhay na Diyos!”

98 At ang katanyagan niya’y umabot hanggang dun sa timog sa Sheba. Sukatin n’yo sa mapa at makikita n’yo kung gaanong kalayo ’yun. May munting reyna sa dakong ’yun, na nagkaroon ng pagkagutom sa kanyang puso na magutom siya sa Diyos. Sa tuwing makakapamalita siya na may dumarating, isa sa mga

karawan ang mapapadaan, sasabihin nga niya, “Nanggaling ba kayo ng Palestina?”

“Opo.”

“Kuwentuhan mo nga ako ng tungkol sa dakilang rebaybal na nagaganap sa dakong ’yun.”

At sasabihin ng lahat, “Oh, kahanga-hanga ’yun!”

“Nasaksihan n’yo ba ’yun mismo?”

“Opo.”

“Kumusta naman?”

⁹⁹ “Oh, ’yung makapangyarihang Diyos na pinaglilingkuran nila’y bumaba at nanahan mismo sa isa sa mga lingkod Niya, at ginawa nila siyang hari. Aba, nagagawa niyang makakilala ng pag-iisip. Natatalos niya ang mismong pag-iisip na nandun sa puso mo. At, alam mo, sinasabi nila dun, ‘ang Diyos ay ang Salita, at ang Salita ay Diyos, at ang Salita ay kumikilala ng mga pag-iisip na nasa kanilang puso.’ At ang karunungan ng lalaking ’yun ay wala nang mas hihigit pa kaysa sa anupamang narinig mo kahit kailan. Nagagawa niyang makilala at matalos ang mismong pag-iisip na iniisip mo. Oh, napakainam nga ng rebaybal nila sa dakong ’yun.”

¹⁰⁰ At alam n’yo, “Ang pananampalataya’y nanggagaling sa pakikinig, pakikinig sa Salita ng Diyos,” sa pangako ng Diyos.

¹⁰¹ Ang ang munting reynang ito’y nagkaroon ng pagkagutom, at nagnais siya na makapunta sa rebaybal na ito. Ngayon heto nga’t napakarami niyang susuungin. Ngayon, unang-una, isa siyang pagano. Kinakailangan niyang magpunta muna dun sa kanyang saserdote, para humingi ng permiso na makaalis. Isa siyang reyna. Isa siya sa mga tinitingala, isa sa mga sikat.

¹⁰² Ngayon, hindi na nakapagtataka na nung magpunta na siya dun sa kanyang pinunong saserdote, at sabi niya, “Dakilang santo padre, napag-alaman ko na may rebaybal na nagaganap sa Israel ngayon, at sila nga dun ay talagang nagtatamasa ng mapagbunying panahon. At ang Diyos nila’y buhay at Siya’y nagpapangyari ng dakilang mga tanda at kababalaghan, na wala pa tayong nakita na gaya nun kahit kailan, o napakinggan na gaya nun kahit kailan. Bawat karawan, na pinagtanungan ko, haya’t sinasabi nila na kamangha-mangha raw talaga ’yun. Maaari po ba akong makaliban muna sa aking denominasyon, para makabisita dun?”

¹⁰³ Nakikinita ko ito, “Hindi tayo nakikipag-ugnay sa ganung pagtitipon, kaya mabuti pang lumayo ka sa ganun.” Kita n’yo? Alam n’yo, ang tao nga’y namamatay, pero ang mga espiritu’y hindi. Kita n’yo? Tapos nakita natin, na, “Hindi, mas mabuting lumayo ka sa ganun. Hindi tayo nakikipag-ugnay sa ganun.”

“Buweno, ngayon, ganito kasi, santo padre, naiintindihan ko namang . . .”

104 “Ngayon tumingin ka nga rito! Kung may anong bagay nga na nagaganap, aba’y dito dapat sa atin ’yun nagaganap. Dapat ang simbahan natin ang mayroon nun.” Oh grabe! “At siyanga nandito naman Ito. Sa atin, sa atin dapat talaga Ito maganap.”

105 Parang nauulinigan ko ’yung munting reyna na nagsalita, tumayo. Gusto ko ’yung tapang niya. Tumayo siya at ang sabi, “Matagal ko nang nakikita ang mga diyus-diyosang nakatayo rito nang maraming-maraming taon, narinig na kitang tumayo sa likod ng pulpito at nangaral tungkol sa diyos ng nakaraan, diyos ng nagdaang mga panahon. Ang lola ng lola ng lola ko’y narinig na ’yang paulit-ulit na kuwentong ’yan, at kahit isang pagkilos man lang ay walang naganap. Sinasabi nila sa akin na may buhay na Diyos sila sa dako roon na nabubuhay sa gitna nila, isang bagay na totoo talaga. Gusto kong makita ’yun.”

106 “Ngayon, tingnan mo! Kung pupunta ka, alam mo naman siguro ang maaaring mangyari sa iyo dun, magkakaroon ka ng kaugnayan sa grupo ng mga tao, na alam mo naman sila. Alam mo naman ’yun, may kung anu-ano silang ‘hinawi raw ang Dagat na Pula’ at lahat ng kung anu-ano. Mas mabuting huwag ka na lang magpunta dun. Dahil, kung pupunta ka . . .”

“Buweno, magpupunta pa rin, ako.”

“Tatanggalin namin ang pangalan mo dito sa aklat ng mga miyembro.”

107 “Buweno, sige lang tanggalin n’yo sa aklat.” Sa tuwing ang isang tao’y magkakaroon ng pagkagutom at pagkauhaw sa Diyos, wala ngang kahit anong aklat saanman sa mundo ang maaaring makapigil sa kanila, dahil sila’y nakatuon doon sa totoong Aklat. “Sige lang tanggalin n’yo ang pangalan ko kung gusto n’yo. Ako’y magpupunta, pa rin. Narinig ko na ’yun nga’y buhay na Diyos, may realidad sila dun. Aalamin ko mismo ang tungkol dun, kaya sige lang tanggalin n’yo na ang pangalan ko diyan mabuti pa.”

108 Ngayon napakarami nga niyang dapat suungin. Ngayon, tandaan n’yo, buo na ang pasya niya. May mga balumbon siya ng aklat, para basahin kung ano nga si Jehovah. Ngayon, hayan nga ang isang marunong na babae.

109 Huwag na huwag nga kayong lalakad dala-dala ang haka-haka ng kung sinu-sino. Lumakad kayo sa sinasabi ng Biblia kung ano Siya. Tanggapin n’yo ang sinasabi Niya kung sino Siya. Alamin n’yo kung ano Siya, kung Siya ba’y nabubuhay o hindi. Hindi ’yung kukunin n’yo ’yung sinasabi-sabi ng kung sinong iskolar tungkol dito; bagkus ’yung sinabi Niya dapat, Mismo, tungkol sa Kanya, sa ipinangako Niya.

110 At nagsimula na siyang magbasa-basa. Ngayon, siya nga’y may—may mainam na ideya. Sabi niya, “Magdadala ako sa biyaheng ito ng maraming kaloob, at dadalhin ko ’yun. At kung

'yun ang katotohanan, susuportahan ko 'yun. Kung hindi 'yun ang katotohanan, dadalhin ko pabalik ang pera ko."

111 May bagay siya rito na maituturo niya sa mga Pentecostal! Sinusuportahan n'yo 'yung mga programa sa radyo na nililibak lang itong mismong bagay na sinasampalatayanan n'yo, at sa kabila nun ay sinusuportahan n'yo pa rin. Hinahayaan n'yo—hinahayaan n'yo lang na . . . Buweno, marahil tatahimik na ako sa bagay na ito. Marami na rin naman kayong alam tungkol dito, siyanga. Bahala na siguro ang mga mangangaral n'yo sa bagay na ito. Pansinin. Pero nakakalungkot nga 'yun.

112 Sabi niya, "Kung hindi totoo, dadalhin ko na lang pabalik ang mga kaloob ko." Kaya ikinarga na niya 'yun sa kamelyo. Tandaan n'yo, tingnan n'yo itong sinuong niya. Napakahabang distansya na dapat lakbayin. Alam n'yo ba kung sa papaano lang makakapaglakbay? Kinakailangan nga niyang sumakay ng kamelyo. Alam n'yo ba kung gaanong katagal ang paglalakbay? Siyamnapung araw ang lalakbayin. Tatlong buwan, sa likod ng kamelyo, ni hindi man lang Cadillac na de aircon. Hindi, hindi. Tatlong araw, at likod lang ng kamelyo.

113 Hindi na nakapagtataakang sinabi ni Jesus, "Magbabangon siya sa Paghuhukom kasama ng lahing ito, hahatulan ito." May mga tao nga rito, sa Birmingham, na tatawid na nga lang ng kalsada'y di pa magawa para makita ang siya ring bagay na ito. Nandiyan na ang mga bus, mga trambya, mga eroplano, at lahat na sa panahon nating ito! Hindi na nakapagtataakang, sa pagbangon nila, hahatulan nila ang salinlahing ito. Siyanga, po. Sapagkat, dito'y may isang lalong higit na dakila kaysa kay Solomon, ang Banal na Espiritu Mismo. Pansinin.

114 Nakita natin dun, hayan nga, may iba pa siyang iintindihin marahil. Masdan. At nagkalat ang mga anak ni Ismael sa disyerto, at mga matutulin na mangangabayo sila, naku, at mga mananambang. Aba, dala-dala pa man din niya 'yung pera niya dun! Ano? Yung maliit na pangkat niya ng tagapagbantay, mga bantay na isinama niya dun, at ilang mga damang babae; aba'y tatagain lang nila sila, patutumbahin sila dun, at kukulimbatin ang kayamanan at tatakas dun na parang walang nangyari.

115 Pero, alam n'yo nga, may kung anong bagay talaga, na sa sandaling ang puso mo'y magsimulang magutom para hanapin ang realidad ng Diyos, walang panga-panganib sa daan. Wala kang makikitang panganib. Wala kang makikitang kabiguan. Yang sinasabi n'yong, "Buweno, gagaling kaya ako?" Walang ganyan na magiging tanong-tanong sa isip n'yo. Inaangkla ng tunay na pananampalataya ang sarili nito, walang kahit anong makakabunot dito. Mananatili 'yun dun.

116 Hindi niya inisip 'yung panganib na nasa unahan lang ng daan. May bagay siya na taglay-taglay niya sa kanya, isang—isang pakay na nasa kanya, isang bagay na ninanais niyang

maabot. At ang motibo niya'y tama, kaya umusad siya para abutin 'yun, dahil ang puso niya'y nagugutom at nauuhaw. "Mapapalad ang nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, dahil sila'y bubusugin." Tama.

¹¹⁷ Masdan n'yo nga siya nung simulan na niyang suungin ang disyerto, marahil sa gabi siya naglalakbay, nagpapahinga sa araw sa mga oasis dun, binabasa-basa 'yung mga Kasulatang 'yun. Sa wakas, ay dumating na rin siya sa entrada ng palasyo ni Solomon. Nung makarating na siya, dun sa mismong—dun sa . . . Sa may patyo, ibinaba niya 'yung karga ng kanyang mga kamelyo at nagtayo ng kanyang tolda.

¹¹⁸ Ngayon hindi nga siya naparoon na katulad ng ilang mga tao, ilang mga tao ngayon. Hindi nga siya . . . Kung sa 1964 na bersiyon nito ay parang ganito. "Nabalitaan ko na may ano raw sila rito . . . Sabi nila nagpapangyari raw ang Diyos ng ganito rito. Sige't pupunta ako, at ang unang salita na mabanggit dun na laban sa paniniwala ko, agad-agad akong lalabas ng pinto." Kita n'yo? Kita n'yo?

¹¹⁹ Pero hindi siya ganun. Dala-dala niya ang Salita at naupo dun. Mananatili nga siya roon hanggang sa makumbinsi siya nang lubos. Hindi niya titingnan ang sarili niyang mga pag-iisip. Titingnan niya 'yung Salita.

¹²⁰ Pumasok na siya. Nakikinita ko, nung unang araw, naupo siya, sa pinaka likod. At tumunog ang mga trumpeta, tumunog ang mga kampana, at—at lahat ng mga mang-aawit ay umawit. Nandun sa dakong 'yun ang Kaban ng Tipan. At lumabas na si Pastor Solomon, naupo. Sabi niya, "Ngayon titingnan ko kung ang Diyos ay nasa taong ito o wala," kaya nagmatyag siya dun. At sa bawat pagkakataon ay may pagkilos nga na naganap. Oh, kahanga-hanga talaga! Walang bagay na nailihim.

¹²¹ Hayan nga't nakakuha siya ng prayer card, alam n'yo, at naghintay siya, at ganun na nga ang nangyari, at siya, dumulog siya dun sa pila. Sa wakas, sa bawat araw at araw na lumipas, naghintay siya. Lalong nag-ibayo ang interes niya sa pagdaan ng mga araw, habang patuloy lang ang rebaybal. Grabe, ang puso nga niya'y nagutom pa nang husto! Pagkaraan nang ilang sandali, humarap na siya dun kay Solomon, at sinabi ng Biblia, "Walang anumang bagay na di inihayag si Solomon sa kanya," espirituwal na pagkilala!

¹²² At samantalang heto nga si Jesus na nakatayo, ang Diyos ni Solomon, "Dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon." Kita n'yo?

At nagawa pa rin nilang sabihin, "Pakitaan Mo kami ng isang tanda, Guro."

¹²³ "Dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon. At ang Reyna ng Timog ay nanggaling pa sa mga wakas ng lupa, upang

pakinggan ang karunungan ni Solomon, at narito dito’y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon.”

124 At tayo ngayon ay may dalawang libo, oo, dalawampu’t walong daang taon mula noon, ng kasaysayan ng Biblia. At, sa gabing ito, isang lalong dakila kaysa kay Solomon ang narito, dala-dala ang ipinangakong Salita sa araw na ito, at sa kabila nun heto tayong manhid pa rin. Kaya hindi nakapagtataakang magbabangon siya sa Araw ng Paghuhukom at hahatulan ang Birmingham, Estados Unidos, lahat ng iba pa, sa pamamagitan ng kanyang patotoo, sapagkat ang puso niya’y nagutom na makita ang Diyos at nanatili dun hanggang sa punan ’yun.

125 Ano ’yung sinabi niya pagkatapos na makita niya ’yung tunay na bagay na mangyari? Alam n’yo ba kung anong sinabi niya? Siya nga, pagkatapos na ihayag ni Solomon sa kanya ang nilalaman ng puso niya, haya’t, ang sabi niya, “Lahat nga ng narinig ko tungkol dito, at higit pa.” Bakit? Sa kanya mismo kasi ipinangyari kaya ganun. Nakita niya kung ano ang sinabi ng iba tungkol dun, pero iba pa rin ’yung siya na. Yung, ’yung lihim niya mismo ay inihayag sa kanya. At kaya ang sabi niya, “Lalong higit pala.” At sabi niya, “Mapalad nga ang mga taong kasama mo, na nakakakita nito sa tuwina. Sa taong tumatayo rito at nakikita ang mga bagay na ito sa tuwina, mapalad nga sila.” At nakita niya ang daan na dinaanan nung taong ’yun na pumasok sa bahay ng Panginoon. Naging mananampalataya siya.

126 At ipinangakong magbabangon sa huling mga araw at hahatulan ang mga lahi, kung paano ang nangyari sa panahon ni Solomon, at kung paano ang nangyari sa panahon ni Jonas, at iba pa. Magbabangon siya sa panahong ito at hahatulan, sa muling pagkabuhay, ang mga taong nabuhay sa panahon na ito. Sapagkat, dito’y may isang lalong higit na dakila kaysa kay Solomon. Narito Mismo ang Espiritu Santo. Narito mismo ang Maylalang ng kalangitan at lupa, ipinapakilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang bayan, taglay ang siya ring mga kaloob. Sadyang eksakto kung paano ’yun noon kay Cristo; na Siya ang gumagawa. Kung papaano ’yun noon kay Solomon; na Siya ang gumagawa. Kung papaano ’yun noon sa mga propeta; at Siya mismo ang gumagawa. Kung papaanong ipinopesiya ’yun para sa huling panahong ito, matagal-tagal na ring wala sa atin ito nang—nang daan—daang mga taon na rin. At kung papaano nga ’yun noon nung una Siyang pumarito, matagal-tagal nang wala silang—wala silang espirituwal na pagkilala nang daan-daang taon, at pagkatapos ay lumitaw ito sa eksena, at may tao roon na ipinakilala ang Mesiyas. At ipinangako, na ang susunod ay magaganap dito, sa huling mga araw, kung paano ’yun noon.

127 Narito na tayo sa huling mga araw: ang mga tanda na Kanyang ipinangako’y nangyayari na; maging ang situwasyon ng sanlibutan ay saktong-sakto sa kung ano ba talaga dapat ito; ang imoralidad ng sanlibutan; at lahat na ng narito sa atin,

talagang saktong na sa pagkaka posisyon. At ang Espiritu Santo ay sadyang naka posisyon na rin, eksakto ang ginagawa. Oh, napaka maluwalhating bagay ito, ang malaman natin na ang pinaglilingkuran natin ay buhay na Diyos.

¹²⁸ Nararamdaman kong may dapat akong sabihin ngayon. Nabanggit ko na ito noon, pero sa tingin ko . . . Nararamdaman kong may pangunguna sa loob ko na sabihin uli ito. Gaya ng nalalaman ng lahat, ako'y mahilig mangaso. Di naman talaga dahil sa mahuhuling hayop; talagang nais ko lang manatili sa kakahuyan. Ang nanay ko'y kala-kalahati ang lahi. Alam n'yo 'yun. Ang nanay ko'y kalahating Cherokee Indian. Ang nanay niya'y nakakakuha ng sustento mula sa gobyerno, kita n'yo, sa—sa Tennessee. Kaya heto na nga't alam natin, na heto nga, mahilig akong mangaso. At di 'yun nawala kahit nung pinag-bagong loob na ako, dahil ako'y . . .

¹²⁹ Ang unang Biblia ko ay ang kakahuyan. Nakikita ko ang isang bulaklak, kung papaano ito mamatay. Yung munting binhi'y inihimlay sa lupa't nabulok, maglalaho ang lahat. Pero, sa susunod na taon, haya't wala ka na ngang makikita pa roon na kahit ano. Kahit kumuha ka pa ng sandakot na lupa't dalhin mo sa laboratoryo, walang kahit sinong dalubhasa sa kemikal sa buong mundo ang makakakita ng binhi ng buhay dun. Pero mabubuhay pa rin kapag ang araw ay sumikat na. Mabubuhay nga ito uli, at diyan ay nalaman kong may buhay, kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli talaga.

¹³⁰ Makikita ko ang araw na sumisikat, sa umaga, munting sanggol 'yun na naisilang. Bandang alas otso, magi-eskuwela na ito. Bandang alas diyes naman, nasa kolehiyo na ito. At sa tanghaling-tapat, nasa kanyang kalakasan na siya. Alas dos, singkuwenta y singko na siya. At tapos bandang alas kuwatro, papunta na siya ng otsenta, otsenta y singko, papanglaw na. Naganap na nito ang layon ng Diyos. Pero ano na? Kung matapos na nitong maganap ang layon ng Diyos, 'yun na ba ang katapusan nun? Hindi. Sisikat nga uli siya sa kinaumagahan, para ipatotoo na mayroong kapanganakan, buhay, kamatayan, pagkabuhay na mag-uli.

¹³¹ Kaya, unang-una, ang isang—isang binhi na itinanim sa lupa, kung di ito masibulan, hindi ito uusbong. Kinakailangan nitong ganapin ang layon ng Diyos, nang sa gayon umusbong ito. At ganun din tayo. Tayo'y mga binhing sinibulan, sa lupa, at kinakailangan nating ganapin ang layon ng Diyos o tayo'y—tayo'y hinding-hindi babangon sa unang pagkabuhay na mag-uling 'yun; babangon tayo dun sa paghatol na sa huli. Gaya ng hybrid na mais, ang tagal lang niya'y mula sa pag-usbong nito hanggang sa harapin nito ang matinding hatol ng araw, at pagkamatay ay babalik na sa lupa, at 'yun na 'yun. Hayan nga. Pero ang tunay na binhi'y lalabas dun sa . . . mabubuhay muli, ipamumunga ang sarili nito.

132 Tingnan n'yo 'yung dagta na nasa punongkahoy. Bago pa man may bumagsak na anumang niyebe, o anupaman, 'yung punong 'yun. . . May kalikasan, kung saan, na humahawak dun, sasabihin, "Pumunta ka sa ilalim ng puno, dagli. Pumunta ka sa ilalim ng lupa, dahil may niyebe na parating." At kung di nito 'yun gawin, papatayin nun ang puno. At kaya magkukubli 'yun sa ilalim hanggang sa tapos na ang lamig, at pagkatapos aakyat uli. May Karunungan nga dun na gumagawa nun. Alam n'yo ba kung anong Karunungan 'yun? Sige't ipaliwanag n'yo nga sa akin kung ano 'yun, kung ano ngang karunungan ang nagbubunsod sa punongkahoy na 'yun na bumaba, ikubli ang sarili nito at pagkatapos manumbalik uli, at sinasabi ko nga sa inyo na 'yun 'yung siya ring Karunungan na nagsasabi sa akin kung sino kayo at kung saan kayo nanggaling, kung anong mga ginawa n'yo at kung saan kayo patungo. At 'yun din 'yung siya ring bagay na 'yun, dahil 'yun din ang siya ring Diyos. Tama. Walang pasubali. Ang Diyos 'yun na gumagawa ng mga bagay na 'yun. Ngayon, tandaan n'yo, mga kaibigan.

133 Isang araw ako'y nangangaso sa isang dako kung saan ako nangangaso noong araw, dun sa kakahuyan sa hilaga. At noong araw ay may kasa-kasama akong kaibigan sa pangangaso, at gustung-gusto kong mangaso kasama siya. May pagka-Indian din siya, nang kaunti. At siya'y. . . ito nga, si Bert Call, at siya'y mainam naman na lalaki. Marahil nakaupo siya rito ngayon, di ko lang alam. May pagkakataon nga na nagpupunta siya rito sa timog madalas. At isa nga siyang mahusay na mangangaso. Di mo na nga siya kailangang alalahanin pa. Di siya maliligaw. Magkasama kaming mangaso at kilalang-kilala namin ang isa't isa, pero siya ang taong may pinaka malupit na pusong nakilala ko sa buong buhay ko. Namamaril nga siya ng mga batang usa, para lang—para lang pasamain ang kalooban ko, dahil hindi ko nga gustong makita kayong namamaril ng munting mga hayop.

134 Wala namang kaso 'yun kung mamaril kayo ng batang usa, pero, kung sinasabi ng gobyerno na ayos lang. Naging tanod ako, nang maraming taon, at mapasa hanggang ngayon ako'y nakakiling pa rin sa pangangalaga ng kalikasan. Ako'y—ako'y naniniwala sa pangangalaga ng mga hayop, at naniniwala ako sa pangangalaga ng kalikasan. At kung papayagan sila na—na. . . Kung papayagan sila na gawin 'yun, kailangan gagawin nila 'yun para kainin. Kung di n'yo kasi kakainin 'yung mga hayop, haya't baka magkasakit lang sila't marami pa sa kanila ang mamatay, o marahil magutom sila't mamatay. Pero ang dapat nga'y alinsunod sa sinasabi ng batas, alam kasi nila kung papaano pangasiwaan ang ganung mga bagay. Mas alam nila kung papaano 'yun pangasiwaan.

135 Pero itong si Bert pinapatay nga niya ang mga usa dahil lang sa kalupitan, para lang makita akong masama ang loob sa bagay na 'yun. Lagi nga niyang sinasabi-sabi noon, sasabihin

niya, “Billy, magaling kang mangangaral, o magaling na—na mangangaso, pero, ang problema sa iyo, mas nananaig sa iyo ang pagiging mangangaral mo. Masyado kang pusong-manok.”

¹³⁶ At sasabihin ko, “Bert, masyado ka lang talagang malupit, ’yun ’yun.” Tapos lalakad na kami.

¹³⁷ Isang araw, umakyat ako, nung panahon na ’yun nababad talaga ako sa trabaho, at medyo papatapos na nun ang panahon ng pangangaso. At ’yung white-tail na usa, hindi ko alam kung mayroon kayong ganoon dito o wala. Oh, grabe, ’yung sinasabi n’yong si Houdini na dalubhasa pagdating sa patakas-takas na ’yan, aba’y mas mahuhusay pa itong mga usang ito kumpara sa kanya. Kaya ganun na nga’t papatapos na noon ang panahon ng pangangaso; ilang beses na rin silang napaputukan. At isang umaga nagsimula na kaming umakyat, nasa anim na pulgada ang kapal ng niyebe, paakyat kami noon ng Presidential Range.

¹³⁸ At nagbabaon nga kami dun ng kaunting, may baon kami laging mainit na tsokolate at tinapay na may palaman. At pagdating ng tanghali, kung wala pa rin kaming mahuling usa, haya’t maghihiwalay kami sa kabundukan, at babalik; babalik, nang bandang, alas nuwebe o alas diyos ng gabi. Kung may makuha kaming usa, isasabit namin ’yun dun. Tanda namin kung saan namin ’yun inilagay, at babalikan namin ’yun para kunin na.

¹³⁹ Kaya nung umaga na umakyat na kami, at ang nangyari, bago ako humiwalay, sabi niya, “Hey, Billy, may bagay ako rito para sa iyo ngayong taon.”

Tapos sabi ko, “Ano ’yun?”

¹⁴⁰ May dinukot siya dun sa kanyang bulsa at may binunot siyang maliit na silbato, mga *ganitong* kalaki. At hinipan niya ’yun, at ang tunog nga nun ay parang batang usang tumatawag sa kanyang nanay; alam n’yo, parang batang usang tumatawag sa kanyang nanay.

¹⁴¹ Sabi ko, “Bert, di ka naman siguro ganung kalupit, diba?”

¹⁴² Sabi niya, “Oh, kayong pusong-manok na mangangaral, pare-parehas talaga kayo.”

¹⁴³ Tapos umakyat na kami dun sa burol, at nung bandang alas onse, kanyang . . . May bukas na lugar dun na kasing laki siguro ng lugar dito, marahil mas malawak pa. At wala nga kaming makita ni isang bakas. Maliwanag ang buwan noon, at sa gabi nga kumakain ang mga usa. At sila nga’y . . . At sadyang napaka hirap nilang matunton. Nagkukubli sila, nagtatago, at nandun sa ilalim ng mga palumpong at nakatago talaga sa sukal. At ingat na ingat sila sa galaw nila at kakain ng lumot, at tatago agad. Kaya naman kami dun . . .

¹⁴⁴ Lumapit ako dun sa maliit na bukanang ’yun, at naupo siya. Akala ko mag-aano lang siya . . . naipon na kasi ’yung niyebe

dun, humahangin-hangin pa. At kaya akala ko dahil akmang may bubunutin siya dun sa bulsa niya, nang *paganito*, akala ko ilalabas lang niya 'yung maliit na termos niya at iinom lang ng kanyang—kanyang tsokolate, at kakain na kami ng aming—aming hapunan at pagkatapos maghihiwalay na kami, at tutugaygayin na namin 'yung dalisdis pagkatapos; sa isang daan siya, at ako naman dun sa kabila. Pero nung bubunot na siya, minabuti ko na ring kunin ang tinapay ko, dahil medyo gutom na rin ako noon. At isinandal ko 'yung baril ko sa isang puno, at akmang may kukunin sa bag ko, at tiningnan ko siya. Tumingin siya sa akin. At 'yung mga mata niya'y parang 'yung sa bayawak, parang ganun, alam n'yo; parang 'yung ipinapahid na kolorete ng kababaihan sa mata nila, sa panahon ngayon, alam n'yo, 'yung para bang kakaiba't nagmumukha tuloy silang aso sa ganoong itsura nila, at ang kapal-kapal ng kolorete nila. Buweno, ganun nga ang itsura ng mga mata niya, parang 'yung sa bayawak, parang naka palihis nang ganito. Tumingin siya sa akin. At sa isip-isip ko, "Ano kayang iniisip niya?" Dumukot siya sa kanyang bulsa at inilabas niya 'yung maliit na silbatong 'yun. At naisip ko . . .

Sabi ko, "Bert, hindi ka ba nahihiya n'yan sa sarili mo?"

¹⁴⁵ At hinipan niya 'yun, at nung hipan na niya, nasa halos tatlumpung yarda lang, o hindi pa nga ganung kalayo, isang malaking inahing usa ang tumayo roon. Ngayon, ang inahing usa ay nanay na usa. Aba 'yun 'yung anak niya na tumatawag. Siya'y . . . Nung hipan na 'yung silbato. Dagli siyang lumundag. Ngayon di naman niya kailangang gawin 'yun, nang walang dahilan. Alam niya na nandun kami. Pero ang anak nga niya'y nasa panganib. At tumingin 'yung kasama ko sa akin, ang mga mata niya'y parang mata ng bayawak uli. Nakita kong ibinaba niya 'yung pagkaka-lock, ng trenta-o-sais na mahabang baril. Asintado siya. Oh, mahusay siyang mamaril.

¹⁴⁶ Tapos hinipan niya uli 'yung silbato. At 'yung maamong nanay na usa'y nagpunta mismo sa lantad. Ngayon, kapatid, kakaiba nga 'yun. Di nila gawain 'yun. Unang-una, di nga siya dapat lumabas nang ganun. Kung lumabas man siya, sa ibang direksyon siya pupunta. At heto't nandito nga siya, lumakad mismo dun sa lantad. At alam naman niyang nandun kami. At nung 'yung pagkaka-lock nung baril ay lumagitik na, lumingon siya't tumingin mismo dun sa mangangaso. Imbis na tumakbo, tumayo lang siya dun. Yung naglalakihan niyang tainga, mga mata niyang nakaantabay nang husto, mga tainga niyang nakataas nang paganoon, at nagmamasid-masid siya sa paligid.

¹⁴⁷ Ano 'yun? Isa siyang nanay. Haya't anak niya 'yun. Yung anak niya'y nasa panganib. Yung munting tupa . . . munting usa na 'yun ay umiiyak, na parang usang sanggol. Ang nanay na usang ito'y hindi nagkukunwari. Hindi siya nagpapanggap.

Totoo siya. Ipinanganak siyang isang nanay. Ganun nga siya talaga, isang nanay.

¹⁴⁸ At itinutok na niya 'yung baril. Naisip ko, "Papaano mong naaatim na gawin ito, Bert? Papaano mong naaatim?"

¹⁴⁹ Ni hindi ko, hindi ko nga kayang tingnan 'yun. Tumulikod ako. Sa isip-isip ko, "Panginoong Diyos, papaano kayang naaatim ng isang tao na maging ganoong kalupit ang puso niya, na pasasambulat niya ang matapat na puso ng isang nanay, na hinahanap lang naman ang kanyang anak?" At 'yung bitagin siya, linlangin siya para lumabas dun. At pagkatapos, alam ko ring isa siyang asintado—asintado, kaya niyang patagusin ang bala dun sa kapita-pitagang puso niya na lumabas sa kabilang dulo niya. At siya, dahil sa isang nanay, talagang magpupunta siya roon dahil anak niya 'yun. At pinag-uusapan na rin natin ang isang tanda, isa nga 'yun sa mga tanda, ng katapatan, dahil may kung anong bagay sa mismong kaibuturan niya. Isa siyang nanay. Haya't tumalikod na ako. Sabi ko, "Panginoong Diyos, papaanong naaatim ng isang—isang tao na maging ganoong kalupit, na magagawa niya ang isang bagay na gaya nun?"

¹⁵⁰ At naghintay ako at naghintay, at hindi pumutok ang baril. Sa isip-isip ko mga ilang sandali na lang maririnig ko na 'yung putok nung baril. At 'yun nga'y, 'yung gamit niya'y. . . Siyento otsentang grano na bala, hugis-kabute, at talagang sasambulat nang husto ang puso niya. At sa isip-isip ko, "Bakit di kaya pumutok?" At nakatayo nga ako nang *paganito*, nakapikit ang mga mata ko, nagdadasal.

¹⁵¹ At nung ilingon ko 'yung ulo ko, para silipin, 'yung dulo ng baril ay gumagalaw nang *paganito*. At tiningnan ko 'yun, nang ilang sandali, nanginginig siya habang hawak 'yung baril.

¹⁵² Bumaling siya at tumingin, at 'yung mga mata niyang mala-bayawak dati ay nagbago ang itsura. May mga luhang umaagos sa kanyang pisngi. Inihagis niya 'yung baril sa lapag. Sabi niya, "Billy, ayaw ko na nang ganito. Akayin mo ako sa Jesus na 'yun na ipinapangaral mo."

¹⁵³ Ano 'yun? Doon mismo sa tumpok ng niyebe, inakay ko ang lalaking 'yun na may malupit na puso. . . Diyakono na siya ngayon sa isang simbahan. Ano nga 'yun? May nakita siyang bagay na tunay, bagay na totoo, bagay na hindi lang teolohiya o anong kasaysayan lang. Nakita niya mismo ang Diyos sa realidad. Yun 'yung nagpaakay sa kanya.

¹⁵⁴ Oh, ilan nga sa mga narito ang nagnanais na maging tulad nun na ganung uri, ganung klase ng Cristiano, kung papaanong ang usa na 'yun ay nanay talaga? Siyanga, na may tunay na karanasang humarap mismo sa kamatayan, 'yun ang ibig kong sabihin. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Iyuko natin ang ating mga ulo.

155 Makalangit na Ama, gumagabi na po. At ang mga tao ay tunay na masigasig pa rin. Sila'y mabubuti, at sila'y nakikinig talaga. At itong munting kuwentong ito ngayon, Panginoon, tungkol sa... Naaalala ko ang maginaw na araw na 'yun ng Nobyembre, habang nakatayo dun, at 'yung mga hangin ay umiihip talaga sa kabundukan. Kitang-kita ko ang kumikinang na mga luhang 'yun na umaagos sa balbasing pisngi na 'yun, nung hawakan niya ako sa aking binti. At umiyak nga siya, at sabi, "Billy, nabanggit mo na sa akin noon ang tungkol sa Isa na umiibig, at dito aking-aking nakita mismo ang realidad." May kung anong bagay nga sa usa na 'yun na nagpalabas sa kanya, Panginoon, at tunay na pagiging nanay ang lumantad dun. Isa 'yung tunay na tanda na mayroon talagang tunay na pag-ibig at pagiging nanay.

156 Oh Diyos, Iyong itulot na ang Salita Mo ang mangusap sa gabing ito, tunay na, tunay na Espiritu Santo. Hindi 'yung kung anong emosyon lang, kasigasigan, na siya rin naman, oo; bagkus ay bagay na totoo talaga, sa pamamagitan ng Salita, ay nahayag. "Ang Salita, na mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim, at madaling kumilala ng mga pag-iisip na nasa puso," na sa pamamagitan nun ay Iyong ipinakilala ang lahat Mong mga propeta. Nung narito Ka noon sa lupa, Iyo nga silang tinawag na "mga diyos." Sinabi Mo nga, "Tinatawag ninyo yaong mga dinaratnan ng Salita ng Diyos, na 'mga diyos,' kung ganoon ay papaano n'yo Akong hahatulan kapag sinasabi Kong Ako ang Anak ng Diyos?"

157 Oh Panginoon, kilala ng sanlibutan ang kanya, ito'y bulag nang maraming-maraming taon. At idinadalangin ko, ngayong gabi, Ama, na Iyo pong buksan ang mga mata ng mga tao, at itulot na sa gabing ito kami'y maging tunay na mga Cristiano at tunay na mga mananampalataya, sapagkat dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon. Isang lalong dakila kaysa sa mga propeta ang narito. Ang Anak ng Diyos Mismo ay narito, sa anyo ng Espiritu Santo. Na may pangakong, "Kaunting, kaunting panahon pa, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Ang salitang *kosmos*, 'kalakaran ng sanlibutan,' ay di na Ako makikita pa. Gayunma'y, inyong makikita Ako, sapagkat Ako'y sasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." At, Ama, Iyo ring sinabi na Ikaw nga'y "ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," at batid naming iyan ang Katotohanan. Oh, dalangin ko, Diyos, na Ika'y mahahabag, ngayong gabi.

158 At habang nakayuko ang ating mga ulo. Iniisip ko nga, ngayong gabi, habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon kayang narito... Maging matapat po tayo sa Diyos ngayon, sa Kanyang Presensya. Bago n'yo makita ang isang bagay na mangyari, haya't alam n'yo sa inyong puso na kayo nga'y hindi ganoong katunay na Cristiano gaya nung kung papaanong ang usa na 'yun ay nanay talaga. At ang dahilan kung bakit nga

siya isang nanay ay dahil ipinanganak siyang isang nanay. Hindi niya 'yun maitatago. Ipinanganak siyang isang nanay. At ngayon kung kayo'y hindi naipanganak, kung wala sa inyo 'yung katulad din nun na pag-ibig para kay Cristo; anuman ang sabi-sabihin ng iba, mananampalataya ka sa Kanya. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At kung kayo'y nagnanais talaga na magkaroon ng ganung uri ng Cristianong pag-ibig sa loob n'yo, kung papaanong lumabas ang pag-ibig ng nanay na 'yun sa kanya, maaari po ba, habang nakayuko ang inyong mga ulo, lahat po ngayon, haya't nakapikit ang bawat mata, itaas n'yo po ang inyong mga kamay? Sabihin n'yo, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham," at tunay ngang gagawin ko 'yan. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain kayo. Oh, grabe, tingnan n'yo po ang buong lugar, sa taas sa mga balkonahe, sa lahat ng sulok.

¹⁵⁹ Huwag po kayong mahiya. Kung ikinahihiya n'yo Siya rito, ang sabi nga Niya, "Ikahihiya Ko naman kayo sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel kung gayon." Kayo nga'y nasa Kanyang Presensya na ngayon. Narito Siya. Ganap na narito Siya, ang dakilang Espiritu Santo. Yaong Haliging Apoy na kasama noon ni Moises, haya't narito na mismo.

¹⁶⁰ Alalahanin n'yo, nung narito Siya noon sa lupa, ang sabi Niya, "Nagbuhat Ako sa Diyos, at Ako'y paroroon sa Diyos." At sinabi nila, na, "Iniwan ni Moises ang mga kayamanan ng Egipto, inari niya ang mga kayamanan ni Cristo na mas dakila nga ang kadustaan ni Cristo, mas dakila kaysa sa lahat ng mga kayamanan ng Egipto." Nagtungo siya sa ilang kasama ni Cristo. At kahit sinong nagbabasa ng Biblia ay nalalaman nila na 'yung Haliging Apoy na 'yun ay ang Anghel ng Tipan, ang Logos na lumabas buhat sa Diyos, si Jesus. At pagkatapos nung Siya'y mamatay, umakyat Siya sa Langit. At nung katagpuin Niya si Saulo, sa daan patungong Damasco, Siya'y nagbalik sa pagiging Haliging Apoy muli, at Kanyang binulag pa nga ang mga mata ni Pablo sa pamamagitan ng liwanag.

¹⁶¹ Ngayon Siya'y narito, sa gabing ito, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nais n'yo bang mapagkilanlan ang inyong sarili sa harapan Niya, sabihin, "Panginoong Diyos, wala pa po ako nung ganung klase ng karanasan. Hinahangad kong magkaroon nun"? Hindi ko na kayo papupuntahin dito. Ang hinihiling ko lang sa inyo ay itaas n'yo ang inyong kamay sa Kanya, kung pakiramdam n'yo ay gusto n'yong itaas. May ilan pa ba rito na hindi pa nagtataas ng kanilang mga kamay? Itaas n'yo na ang inyong mga kamay ngayon. Pagpalain kayo ng Diyos.

¹⁶² Makalangit naming Ama, sila'y sa Iyo. Sabi ng siyensiya, sinasabi ng siyensiya, na hindi namin kayang itaas ang aming mga kamay. Hahatakin kasi ito pababa ng hatak ng mundo. Pero mayroon ngang Espiritu na nasa mga kalalakihan at nasa mga kababaihan, at sila'y... Isang panibagong Espiritu ang

sumakanila, ang Espiritu Santo, at nagsabi, “Itaas mo ang iyong kamay.” At sinuway nila ang batas ng hatak ng mundo, at itinaas nila ang kanilang mga kamay sa Diyos, Na lumikha sa kanila, “Nais ko na pong maging tunay na Cristiano.”

163 Makalangit na Ama, dalangin ko po na Iyo silang gawin nang mga tunay na Cristiano, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Sila’y sa Iyo, Panginoon. Wala nga akong kaalam-alam, na nung araw na ’yun nung lumantad ang munting usa na ’yun sa dakong ’yun, ay ’yun ang magiging mitsa . . . Pero isa nga ’yung tanda. Pero, nalalaman Mo nga ang lahat ng mga bagay, kaya ako’y dumadalangin, Ama, na Iyo silang tanggapin ngayon. Sila’y mga tropeo ng Ebanghelyo. Sila’y sa Iyo.

164 Sinabi Mo, “Walang makakaagaw sa kanila sa Aking puso, at sa Aking kamay.” At Iyong, Iyong sinabi, “Ang lahat ng sa Akin ay sa Ama. Walang makakaagaw sa kanila sa Kanyang kamay.” Sinabi ni Jesus, sa San Juan 5:24, “Ang dumirinig sa Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at hindi na papasok sa Paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Panginoon, Iyo ngang Salita ito. Ngayon, hindi po ’yung mga kunwang nananampalataya lang; bagkus ’yung mga tao ngang tunay na nananampalataya talaga, ang may Walang Hanggang Buhay. Sila’y sa Iyo, Ama. Ibinibigay ko sila sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

165 Ngayon maging taimtim po tayo pansumandali. Haya’t oras na para magtapos na ngayon, pero maghintay lang po tayo ng ilang sandali.

166 Bago natin gawin ’yun, ilan po rito ang nananampalataya na nangako si Jesus Cristo na sasaatin, sa tuwing may dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Kanyang Pangalan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ilan ang nananampalataya na Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? [“Amen.”] Siya, Siya nga’y. . . Kung Siya nga’y narito, ngayong gabi, Siya nga’y magiging katulad ng kung ano Siya noon. Gagawin Niya ang siya ring mga bagay noon. Sinabi ng Biblia, na, “Siya ang Dakilang Saserdote na maaaring mahipo’t mahabag sa ating mga kahinaan.” Kayo ba’y. . . Tama po ba ’yun? [“Amen.”] Bagong Tipan, Mga Hebreo, ika-3 kabanata. “Isang Dakilang Saserdote na maaaring mahipo’t mahabag sa ating mga kahina- . . . ating mga kahinaan.” Ngayon kayo nga’y manampalataya sa Diyos. Ngayon manampalataya lang kayo, nang totoo, nang buo n’yong puso.

167 At kayo po riyang ngayon, na nakaupo riyang, na di pa . . . na may sakit. Ilan po sa inyo ang may sakit, itaas n’yo ang inyong kamay, sabihin n’yo, “May sakit ako.” Ngayon tumaimtim lang po tayo, sadyang tahimik lang po, bawat isa.

168 Ngayon manalangin kayo, sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, hindi ako nakikilala ni Kapatid na Branham, pero ito ngang sinabi niya ngayong gabi, 'Dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Solomon,' at nababatid kong iprinopesiya 'yan na babalik uli. Ito nga'y wala sa mundo nang daan-daan, at libo-libong taon. Pero Iyo ngang ipinangako na babalik uli ito sa huling mga araw, ayon sa Malakias 4, at ipinangako dun sa San Lucas 17 at lahat nitong iba pang mga pangako. Iyong sinabi na ito nga'y paparito 'kapag inihayag na ng Anak ng tao ang Sarili Niya,' dahil ito nga'y dapat nakabatay sa Salita. Dahil sa . . ."

169 "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. Ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin." "At ang Salita ay kumikilala ng mga pag-iisip." Ang Salitang 'yun ay nasa mga propeta noon. Ang Salitang 'yun ay nasa Anak. Ang Salitang 'yun ay nasa inyo, ngayon. Kita n'yo, ang Salita! Ito'y iprinopesiya, ipinangako. Gayong marami kayong nakikitang panggagaya, maraming mga karnal na kumukumpetisyon, hindi nga 'yun uubra Rito, sa totoo. May tunay ngang Espiritu Santo, tunay na Diyos.

170 Ngayon manampalataya nga kayo nang buong puso n'yo, at tumingin kayo rito, sa akin. At manampalataya nang buong puso n'yo, at sabihin n'yo, "Panginoong Diyos, ako po'y mananalangin, at dinadalangin ko na—na maghayag Ka kay Kapatid na Branham. At Iyong itulot na mahipo ko ang Iyong damit. At bumaling Ka, sa kanya, dahil di Niya ako nakikilala, at sabihin sa akin kung anong suliranin ko. At sa gayon ay malalaman kong ang Iyong Presensya ay narito."

171 Mga kaibigan, alam n'yo ba kung anong problema sa mga Pentecostal? Masyadong marami na silang nakitang ganito.

172 May isang matandang marino, isang araw, na paparating galing dagat, at may nakatagpo siyang manunulat na papunta naman sa dagat. At 'yung matandang marino ang sabi niya dun sa—dun sa manunulat, sabi, "Saan baga ang lakad mo, ginoo?"

173 Sabi, "Sa dagat. Oh, gusto kong masamyo ang taglay nitong alat. Gusto kong makita ang bughaw nitong papawirin, ang puting mga ulap, ang mga ibong lari."

174 Sabi niya, "Isinilang ako dun, limampung taon na ang nakararaan. Wala naman akong makitang kaaya-aya dun." Ganun nga. Masyadong marami na siyang nakitang ganun, na tuloy naging pangkaraniwan na lang 'yun sa kanya.

175 Yan nga ang problema sa atin na mga dumadalo. Marami na tayong nakitang pagkilos ng Diyos! Itong iglesya na—na tinawag palabas ng mga grupong denominasyon sa huling mga araw na ito, ay masyadong marami nang nakitang Ganito, na naging pangkaraniwan na lang Ito. Di n'yo na Ito napapansin tuloy.

176 Huwag na huwag n'yong hahayaan na si Cristo'y maging pangkaraniwan na lang sa inyo, kaibigan. Huwag na huwag

n'yong hahayaan. Kayo nga'y manampalataya nang buong puso n'yo at nang buong kalooban n'yo. Manampalataya nga kayo ngayon sa Diyos.

¹⁷⁷ Ngayon manalangin lang po, at hayaan n'yong ipagkaloob ito ng Panginoong Jesus. Inyo nang hipuin ang Kanyang damit. Di ko alam. Basta't hipuin n'yo lang Siya. Siya nga'y maaaring mahipo.

¹⁷⁸ Ngayon manalangin lang po. Hindi ko sinasabing gagawin Niya ito agad. Kaunting sandali pa'y maaayos na itong lahat. Basta't—basta't—basta't ituon n'yo lang ang mga puso n'yo sa Kanya.

¹⁷⁹ Ngayon, isa itong Liwanag. Wala pong kukuha ng litrato, walang magpa-flash ng litrato. Maging taimtim lamang.

¹⁸⁰ Ngayon narito na po Ito. Nasa ibabaw Ito ng isang babaing nakaupo riyon na nakatingin sa akin, diyan mismo sa dulo, diyan nga. Nanampalataya ka ba na ako'y Kanyang lingkod, binibini? Isa akong estranghero sa iyo. Di mo ako kakilala. Di rin kita kakilala. Pero kung ilalarawan sa akin ng Diyos, gaya nung ginawa Niya dun sa babae, sinabi sa babae ang tungkol sa pag-agas niya ng dugo, o—o 'yung babae'y may limang asawa; kung maibibigay ng Panginoong Jesus ang—ang impormasyon na 'yun sa iyo, sa pamamagitan ko, makakapanampalataya ka ba nang buong puso mo? Alam mo nga kung totoo ito o hindi. Buweno. Sakit sa pantog. Kung tama 'yun sige't itaas mo ang iyong kamay. Uh-huh! Kita n'yo? Ngayon, tama nga 'yun.

¹⁸¹ Heto, ikaw na nakaupo sa tabi niya. Tutulungan mo sana siya. Inalalayan mo siya sa iyong kamay. Ngayon mabuti nga 'yang ginawa mo, ngayon, nanampalataya ka ba na masasabi sa akin ng Panginoon ang suliranin sa iyo? Nanampalataya ka ba na magagawa Niya 'yun? Altapresyon. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay.

¹⁸² Yang lalaki naman na nakaupo sa tabi nung babae, ikaw ba'y nanampalataya, ginoo, nanampalataya ka ba na may kakayahan ang Diyos na sabihin sa akin kung ano 'yang suliranin mong 'yan sa iyo? Alam mo kung totoo ito o hindi. Pamamaga sa ugat. Sasampalatayan mo na ba?

¹⁸³ Dito naman sa munting binibining nakaupo riyon, na para bang umiiyak, hayan nga, ang suliranin mo'y pagka-nerbiyos. Tama 'yun. May anino sa ibabaw mo, nanghihina ka sa araw, iniisip mong nawawala ka sa isip mo. Yan nga ang pilit na ibinubulong sa iyo ng diyablo. Pero, hindi 'yun totoo. Wala na ito, mula sa gabing ito, mula ngayon. Kita mo? Nakamit mo na ang tagumpay. Lumisan na ito sa iyo. Yung itim na anino, na nasa ibabaw mo, nilisan ka na nito.

¹⁸⁴ Umiiyak ka, nakaupo sa tabi niya, binibini. Ito'y, ito'y nakapanabik sa iyo. Ngayon nanampalataya ka ba na ako'y Kanyang propeta, o Kanyang lingkod? Natitised nga ang ilang

tao sa bagay na ito, kita n'yo. Kaya, ikaw, di nga kita kakilala. Tayo'y estranghero sa isa't isa. Nanampalataya ka ba na may kakayahan ang Diyos na sabihin sa akin ang suliranin sa iyo? Buweno. May sakit ka sa puso, sakit sa bato, at may anemia ka. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay.

¹⁸⁵ Dito naman sa babaing nakaupo rito, na may kalakihan ang pangangatawan, nakasuot ng pula't itim na guhit-guhit na bestida. Nananalangin siya. Nagnanais siyang matawag sa pila rito. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay, binibini. Ikaw ba'y nanampalataya na may kakayahan ang Diyos na sabihin sa akin ang suliranin mo? Magiging maayos ang kalagayan ng kaibigan mo. Magiging maayos ang espirituwal na suliranin 'yan. At 'yang sakit na pambabae mo'y lilisan na 'yan sa iyo, kung makasampalataya ka sa Diyos nang buong puso mo. Ngayon, kung tama nga 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Kung 'yun 'yung ipinapanalangin mo, itaas mo ang iyong kamay nang sa gayon makita ng mga tao na itinataas mo. Kita n'yo. Sige.

¹⁸⁶ Magkaroon lang kayo ng panampalataya sa Diyos. Diyan naman sa likod. . . Di naman kailangang nakaupo kayo rito sa harapan. Diyan sa pinaka likod; manampalataya kayo nang buong puso n'yo.

¹⁸⁷ Diyan sa pinakalikod, may ginang diyan. May bukol siya sa kanyang tagiliran. Nananalangin siya. Mapapalampas niya ito.

Panginoong Diyos, tulungan Mo ako, dumadalangin ako.

¹⁸⁸ Gng. Goodman, nanampalataya ka ba nang buong puso mo na aalisin ng Diyos ang bukol na 'yan sa tagiliran mo? Sige. Humakbang ka, itaas mo nang husto ang iyong kamay, nang sa gayon makita ng mga tao. Ako'y ganap na estranghero, di ko pa siya nakikita kahit kailan. Hayan nga siya. Tama po ba 'yung mga bagay na 'yun? Itaas mo po ang iyong kamay. Buweno.

¹⁸⁹ May babaing nakaupo riyang, diyan sa bandang pinakalikod na, pinahihirapan siya ng sakit sa apdo. At siya'y, may ano rin, siya'y may diabetes din, sakit sa puso. Gng. Holderfield, manampalataya ka nang buong puso mo, ginang, at maaari kang gumaling sa oras na ito mismo.

¹⁹⁰ Pakiusap lang po huwag po kayong palakad-lakad, mga kapatid. Hinihiling ko—hinihiling ko sa inyo, sa Pangalan ni Cristo, huwag po kayong palakad-lakad. Kita n'yo, ang mga karamdaman nga'y maaaring lumipat mula sa isa patungo sa isa. Kita n'yo? Ang di-pagsampalataya ang pinaka kalunus-lunos na bagay sa buong mundo. Manampalataya lamang kayo.

¹⁹¹ Narito ang isang binibining nakaupo rito, nananalangin siya para sa kanyang asawang lalaki. Umiinom kasi ng alak ang asawang ito. Ganoon nga. Ipinapanalangin mo na itigil na niya ang pag-inom ng alak. Hindi ba't tama 'yun? Buweno. Di kita kakilala. May prayer card ka ba? Wala nga. Hindi mo 'yun kailangan; basta't manampalataya ka lang na nakamit mo na.

Nahipo mo ang Bagay na 'yun. Nasa dalawampu o tatlumpung talampakan ang layo mo sa akin. Nahipo mo na ang Dakilang Saserdote.

¹⁹² Yung munting binibini naman sa likod ay nananalangin din para sa kanyang asawang lalaki, siyanga, na nakaupo sa likod nung isang lalaki. Tama. Ang asawa mong lalaki'y nerbiyosong tao, may nerbiyos siya sa pag-iisip. Nawawala siya ngayon. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay. At may problema ka rin sa iyong kamay. May allergy ka, sa kung ano. At kung hahawak ka sa bagay na 'yun, nagiging malubha ang lagay ng kamay mo. Tama po ba 'yun? Gng. Patty ang pangalan mo. Nananampalataya ka ba nang buong puso mo ngayon? Kung tama nga 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Amen. Kita n'yo? Hinihiling ko sa iyo na paniwalaan mo ako.

¹⁹³ Paano naman itong binibining nakaupo rito? May pilat ka sa iyong mukha, na parang kanser sa balat. Nananampalataya ka bang lingkod ako ng Diyos? Siyanga ba? Hindi kita kakilala. Isa kang estranghero sa akin. Pero di nga 'yun mismo ang ipinapanalangin mo. Ang ipinapanalangin mo ay 'yung sakit mo sa puso. Siyanga. Tama ba 'yun? Itong binibining nakaupo rito. Kung makasampalataya ka lamang nang buong puso mo, makakamit mo ang kagalingan mo. Nakamit ng asawa mo ang kagalingan niya kagabi, kaya bakit di mo matatamo 'yung iyo? Dati kang mangangaral na babae. Ngayon manampalataya ka nga nang buong puso mo, at iyong . . . Ngayon, tingnan mo, nang sa gayon malaman mo. Para ngang kinukuwestiyon mo ito kanina sa isip mo, kita mo. Ngayon panatag ka na, hindi po ba, na ipangyayari nga Nito 'yun? Sige. Itaas mo ang iyong kamay kung tama nga ito. Manampalataya ka sa Diyos.

¹⁹⁴ Ano naman ang tingin mo sa diabetes na 'yan, ginoo, ikaw na nakaupo riyan at nakataas ang kamay? Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang diabetes na 'yan at paigihin ang kalagayan mo? Siyanga ba? Sige, ginoo, may kakayahan ang Diyos na pagalingin ka.

¹⁹⁵ Maging ikaw ay estranghero rin sa akin, hayan nga. Kung makasampalataya ka nang buong puso mo! Narito ang isang lalaking nakaupo rito, may sakit siya sa puso, may masakit sa likod niya. G. Easter. Nakuha niya 'yun sa isang aksidente sa tren, at 'yun 'yung naging dahilan nun. Kung tama, tumayo ka, pagagalingin ka ni Jesus at paiigihin ang lagay mo.

¹⁹⁶ Ilan sa inyo rito ang sumasampalataya? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Isang lalong dakila kaysa kay Solomon ang narito. Sumasampalataya ba kayo? ["Amen."] Si Jesus Cristo na siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, ay dumaang parang baha sa buong gusaling ito. Kayo ba'y nananampalataya na narito talaga Siya? ["Amen."] Narito nga Siya ngayon. Yan ang totoo. Yun mismo ang sinabi Niya na magaganap, "Ang mga bagay na ito na Aking ginagawa, ay

gagawin din naman ninyo; higit pa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako'y paroroon na sa Aking Ama." Minsan may isang babaing humipo sa Kanya, at Siya'y nanghina, sabi Niya, "May bisang lumabas mula sa Akin," at Siya ang Anak ng Diyos. Ako'y makasalanan, naligtas sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. "Higit pa rito ang gagawin ninyo." Alam kong sinabi sa King James, "lalong dakila." Pero sa orihinal, ang sabi dun, "*Higit* pa rito ang gagawin ninyo, sapagkat ako'y paparoon sa Aking Ama."

¹⁹⁷ Ngayon sinasampalatayanan n'yo na ba 'yun? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nananampalataya ba kayo na ang Kanyang Presensya ay narito? ["Amen."] Kung ganoon ay bakit hindi n'yo ipatong ang inyong mga kamay sa isa't isa, mga mananampalataya, at ipanalangin n'yo ang kapatid n'yong nakaupo sa tabi ninyo. Bawat isa nga sa inyo'y ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, at manampalataya nang buong puso n'yo ngayon habang nananalangin kayo. Kayo nga'y manalangin ng gaya ng panalangin n'yo sa simbahan. Manampalataya kayo na gaya ng pananampalataya n'yo sa tuwina. Ngayon hayaan n'yo ang Espiritu na 'yun ng Diyos, na nagpaging Cristiano sa inyo, na sadyang maging ganoon ding kadakila at kamangha-mangha kung paano ito sa inyo habang ipinapanalangin n'yo ang taong 'yun, kung paanong ang nanay na usang 'yun ay nasa kaibuturan na niya talaga ang pagiging isang ina, ganun din ito sa tapat na Espiritu ni Cristo na narito ngayon.

¹⁹⁸ Na anupa't, di sasampalataya ang sanlibutan. Inaayawan Ito ng sanlibutan. Hindi Ito maunawaan ng sanlibutan. Sinabi ng Biblia na hindi nga nila makikilala. Nakikilala lang kasi ng sanlibutan ang kanya.

¹⁹⁹ At nakikilala ng Diyos ang Sariling Kanya. Ipinangako 'yun ng Diyos. Ito ang Katotohanan. Nawa ako'y matulungan, ito ang Katotohanan! "Si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Manalangin na ngayon.

²⁰⁰ Panginoong Jesus, naritong nakalapag ang ilang mga panyo rito, na para sa mga maysakit at nagdadalamhati, at aking ipinapatong ang aking mga kamay rito. Dahil, sa amin nga'y itinuro sa Biblia na kinuha nila mula sa katawan ni Pablo ang mga panyo at tapi, at nagsilabas ang maruruming espiritu mula sa mga tao, at nagsigaling sila sa mga karamdamang 'yun. Ngayon hindi nga kami si San Pablo, pero Ikaw nga'y si Jesus pa rin. At dalangin ko na Iyong kikilalanin ang mga ito, para sa mga taong hindi nakadalo sa pagtitipon.

²⁰¹ Nawa po, kapag ang mga ito'y maipatong na sa mga tao, nawa'y maipangyari, gaya nung sinabi noon ng isa sa mga manunulat na nung—nung ang Dagat na Pula'y humambalang

sa daraanan ng mga anak ni Israel, “Ang Diyos ay tumunghay sa pamamagitan ng Haliging Apoy roon na may mga matang nangangalit, at ang dagat ay natakot sa pagkakaharang nito sa daan ng landas ng tungkulin, ng mga mananampalataya, at ang dagat ay umurong at ang mga—at ang mga mananampalataya ay tumawid na sa Lupang pangako.”

²⁰² Panginoong Jesus, Ikaw nga’y tumunghay pababa sa Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus Cristo, ngayong gabi, sa mga panyo na narito, sa mga nagsidalong narito, habang nakapatong ang kanilang mga kamay sa isa’t isa, nananalangin para sa isa’t isa. Iyong sinabi, “Mangagpahayagan kayo sa isa’t isa ng inyong mga kasalanan, ipanalangin ng isa’t isa ang iba, nang sa gayon kayo’y magsigaling. Dahil, malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng matuwid.”

²⁰³ Dalangin ko po, Diyos, habang ang—ang mga Cristianong nakapagpahayag na ng saloobin ngayong gabi ay nananalangin sa taong pinatungan niya ng kanyang mga kamay, nawa po’y ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo’y lumukob sa taong ito. Nawa’y mabuhay sa kanila ang Espiritu, Panginoon, ang realidad. Nawa’y di nila ito mapalampas, Panginoon. Huwag Mo pong hayaan na sa kung anong kadahilana’y mapalampas nila ito, Ama. Nawa’y masalo ng Birmingham ang pangitain nito ngayon, ng Presensya ni Jesus Cristo na nabuhay mag-uli, isang lalong dakila kaysa sa lahat ng mga propeta, lalong dakila kaysa sa lahat ng mga mangangaral, lalong dakila kaysa sa lahat ng mga papa’t maharlika namumuno, o anupaman sila. Si Jesus Cristo nga ito, “ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” pinatutunayan ang Kanyang Sarili sa mga huling araw na ito, sa pamamagitan ng ipinangako Niyang Salita. Iyong ipagkaloob ito, Panginoon. Idinadalangin ko ang pananampalatayang ito, panalangin may pananampalatayang ito, para sa kanila, habang sila’y nagsisipanalangin sa isa’t isa. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, amin pong inihahandog ito sa Iyo.

²⁰⁴ Ngayon bawat isa sa inyo, habang nakapatong ang inyong mga kamay sa isang tao, ngayon ipikit n’yo lang po ang inyong mga mata, at alalahanin: ang Cristo na nangako nito, pumarito mismo at pinatunayan ang Kanyang Sarili.

²⁰⁵ Oo, nakikita ko ang isang lalaki rito na pinagaling, sa TB, nakaupo nga riyon sa harapan ko. Ngayon kung inyo lamang pong . . . Haya’t nagaganap nga sa bawat dako, bawat sulok ng gusali. Tunay nga na kung Diyos na mismo . . .

²⁰⁶ Puwede kasing sabihin ng kung sinong tao ang kung anu-ano; pero hindi ’yun ang nagpapangyari nito. Pero kung Diyos na mismo ang bababa at sasabihin ito, at pagtitibayin ito at patutunayan na ito ang Katotohanan; ang di sampalatayanan ito, ay kasalanan talaga na di mapapatawad. Sinabi ni Jesus, “Hindi ito kailanman ipatatawad sa kanya, sa sanlibutang ito o sa sanlibutan mang darating.”

207 Ipinangako na ito ng Kasulatan, at heto na nga itong pinatotohanan na ito sa mismong harapan n'yo. Mga kapatid, sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin n'yo Siya habang Siya—habang Siya'y narito sa atin ngayong gabi, habang narito tayo kasama Siya. Makasasampalataya ba kayo?

208 At sa lahat ng tunay na sumasampalataya at tumatanggap sa Kanya bilang inyong Tagapagligtas, o bilang inyong tagapag pagaling, maaari po ba kayong tumayo para magbigay-patotoo, "Tatayo ako bilang isang patotoo. Nananampalataya akong tunay, at natanggap ko na ngayon ang aking kagalingan, aking kaligtasan. At lahat ng aking pangangailangan, sa Presensya ni Cristo, tinatanggap ko na ito."

209 Grabe, masdan n'yo ang buong gusali, buong kongregasyon na halos ang nakatayo. Napakainam! Napakaganda. Ngayon buong dako na talaga, kung sasampalatayanan n'yo ito. "Kung makasasampalataya kayo!"

210 Ngayon, ipikit natin ang ating mga mata't itaas natin ang ating mga kamay, at umawit, "Iniibig ko Siya, iniibig Ko Siya dahil ang unang umibig sa 'kin ay Siya." Papurihan natin Siya habang aawit na tayo ngayon, awitin n'yo ang mga papuring ito sa Kanya.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my Salvation
On Calvary's tree.

211 Itaas natin ang ating mga kamay, at sabihin, "Purihin ang Panginoon!" [Sinasabi ng kongregasyon, "Purihin ang Panginoon!"—Pat.] "Purihin ang Panginoon!" ["Purihin ang Panginoon!"] "Purihin ang Panginoon!" ["Purihin ang Panginoon!"]

I love Him, (lahat po tayo) I love Him,
Because . . .

212 Sa palagay ko'y ikaw ang magpapalabas sa kanila, Kapatid na Urshan. [May nagsasabi, "Paano naman 'yung mga gustong maligtas?"] Hihilingin ko sa kanila na lumapit.

And purchased my salvation
On Calvary's . . .

213 Ngayon iyuko lamang n'yo ang inyong ulo pansumandali. Ang piyano, ang organista at piyanista sige't ituloy n'yo lang.

214 Iniisip ko, ngayong gabi, ang tawag pa rin ba sa puso n'yo ay manampalataya. Iniisip ko kung nananampalataya kayo na ang Diyos Na kayang sabihin sa akin ang mga lihim ng puso, para patunayan. . . Di naman Niya kailangang gawin pa sana 'yun, ngayon, pero sinabi nga Niya na gagawin Niya. Nung pumarito si Jesus nung unang pagkakataon, hindi naman Niya kinailangang magpagaling, pero sinabi Niya na gagawin nga

Niya. “At ginawa Niya iyon upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ng propeta.” At ginagawa Niya ito ngayong gabi dahil sinabi ng mga propeta na gagawin nga Niya, at si Jesus ay sinabi din Niya ito, siyanga.

²¹⁵ Ngayon iniisip ko kung kayo, na nag-aasam nung pag-ibig na 'yun ng Diyos sa puso n'yo gaya nung—gaya nung pag-ibig nung nanay na usa sa kanyang anak, ninanais n'yo ang pag-ibig na 'yun sa puso n'yo para kay Cristo, at nananampalataya nga kayo na diringgin Niya ang inyong panalangin, maaari po bang tumayo kayo rito. Habang inaawit natin 'yun uli, lumapit lang po kayo rito. Magpahayag kayo sa lahat ng mga narito, sige't lumapit lang po kayo rito at tumayo kayo rito. Kung inyo itong sinasampalatayanan, ang dalangin, ang panalangin ko'y makakatulong sa inyo, sige't lumapit lang po kayo rito habang inaawit natin uli ito.

²¹⁶ “I . . .” Ngayon patunayan n'yo na iniibig n'yo talaga Siya, sa paglapit n'yo rito. “. . . Him, I . . .” Pagpalain kayo ng Diyos.

Because He first loved me

²¹⁷ At bumaba lang po kayo ng balkonahe, at hihintayin namin kayo. Sige po. “. . . my . . .” Kung taos-puso talaga ito sa inyo, sige lang po't lumapit na kayo rito.

. . .-vation
On Calvary's tree.

²¹⁸ “I . . .” Umaalis na sa balkonahe ang mga tao, pababa na sila. Lahat po'y umawit na. “I . . .” Pumarito lang po kayo sa mga pasilyo, at saan pa, pumarito lang kayo.

Because He first loved . . .

²¹⁹ Tandaan n'yo, ang Diyos na kakatagpo sa inyo sa Paghatol, kinatagpo na kayo mismo sa bahay-sambahang ito ngayong gabi.

. . . my salvation
On Calvary's . . .

²²⁰ Iniisip ko kung nandito na kayang lahat ang mga ministro, na may malasakit sa mga naliligaw na kaluluwa, na taglay pa rin 'yung alab na 'yun para sa mga taong nangangailangan, kung maaari lamang pong lumapit kayo sa piling ng mga tao; lahat po ng mga ministrong narito, bawat ministro na sumasampalatayang ililigtas pa rin ng Diyos ang makasalanan. Marahil nakita n'yo ngayon ang pinaka dakilang bagay, na nakita n'yo kailanman. Ito nga ang nais ng Espiritu Santo.

I love Him . . .

²²¹ Ngayon patunayan n'yo 'yan. Patunayan n'yo na kayo'y may malasakit, na iniibig n'yo talaga Siya. Kung iniibig n'yo ang Kanyang, Siya, iniibig n'yo ang Kanyang mga anak.

. . . love Him
Because . . .

222 Ngayon humalo po kayo sa mga taong narito! “. . . love . . .” Pumarito lang po kayo at makihalo sa mga tao, parang ganito, at ihalo n’yo lang ang sarili n’yo at patungan n’yo ng kamay ang mga tao. Sige’t pumarito na po kayo ngayon, mananalangin na tayo. Naniniwala akong bubuhos ang Espiritu Santo sa mga tao, sa gabing ito, dito mismo sa mga narito.

. . . Calvary’s tree.
Oh, how I love Jesus,

Bumabad kayo sa pag-ibig sa Kanya; basahin n’yo ang Kanyang Salita.

And how I love Jesus,
Oh, how . . .

223 Ngayon ipinid n’yo ang sanlibutan palayo sa inyo ngayon. Ipinid n’yo ang buong sanlibutan palayo sa inyo. Kita n’yo?

Because He first loved me.
Oh, how I . . . (kahanga-hanga)
Oh, how . . .

224 Ngayon, mga ministro, kumuha lang kayo ng nandiyan sa inyong . . . Sundan n’yo ako. Mga ministro pumarito na kayo mismo, humalo kayo rito sa mga tao.

Oh, how I love Jesus,
Because He first loved . . .

225 Ngayon nakatayo Siya rito. Batid Niya ang lahat ng nasa inyong puso. Hindi ba’t sa palagay n’yo nababatid Niya ’yun? Dito mismo, ay walang maililihim. Alam na alam Niya ang sinasambit n’yo, kung anong ibig mong iparating.

226 Ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo, bawat isa, lahat ng nasa gusali, maging kayo na hindi nakalapit dito. Ngayon manalangin na tayo.

227 Bawat isa sa inyo ipahayag n’yo ang lahat ng pagkukulang n’yo, ipahayag n’yo ang lahat ng hindi n’yo pagsampalataya. Sabihin n’yo, “Panginoong Jesus, marahil ako’y kaanib sa isang iglesya, noon. Dumadalo ako ng panambahan, pero hindi ganap ang aking kasiyahan. May kung anong bagay kasi . . . Oh, marahil ako pa nga’y, ako pa nga’y nakahiyaw. Marahil ako pa nga’y nakapagsalita ng iba’t ibang wika. Ako, marahil ako pa nga’y kaanib sa iglesya.” Lahat ng mga bagay na ’yun, mainam naman ’yun. Wala akong laban sa mga bagay na ’yun, pero hindi ’yun ang tinutukoy ko rito.

228 Ang tinutukoy ko rito ay ’yung pag-ibig talaga ng Diyos na tumimo nang husto sa kaibuturan. Ang Espiritu Santo nga. Yun nga. At ’yun ang dapat n’yong asamin, isang bagay na tunay na sinubok ng panahon, na magbubunsod sa Salita ng Diyos na mabuhay sa pamamagitan n’yo at kumilos sa pamamagitan n’yo.

Kita n'yo, walang ugat ng kapaitan sa daluyang ito, dumadaloy nang maginhawa ang Espiritu Santo sa inyo. Yan nga ang asamin n'yo.

²²⁹ Ngayon iyuko lamang n'yo ang inyong ulo at taimtim na manalangin. At kayong mga ministro ipatong n'yo lang ang inyong mga kamay sa kanila ngayon.

²³⁰ Ama naming Makalangit, idinudulog namin sa Iyo, ngayong gabi, ang grupo ng mga taong ito na tumayo rito para magpahayag ng saloobin nila, nalalaman nilang nagkamali sila. Haya't, marahil, may mga motibo at mga pakay, rin, na mali. Pero, ngayong gabi, sila nga'y nagsilapit, nananampalataya po, nananampalatayang Iyong patatawarin sila sa bawat sala nila. Marami sa kanila ang nagsisidalo naman ng panambahan, nang maraming taon. Marami sa kanila ang—ang gumagawa naman ng mabubuting kawang-gawa. Pero, Panginoon, sa gabing ito ang inaasam nila ay realidad, hinahangad nila 'yung katamisan na 'yun, na—na isang bagay na kulang sa kanilang buhay, ang Espiritu Santong kumikilos sa dako rito, sa anyo ng Salita.

²³¹ At ang Iyo pong mga lingkod, mga ministro, Iyong mga lingkod, nakapatong ang kanilang mga kamay sa mga taong narito. At aming idinadalangin para sa kanila, ang dalanginang ito, at hinihiling, Panginoon, na nawa'y ito na ang panahon na wala nang ibang pupuntahan pa kundi direktso sa kaibuturan ng kanilang puso, ito'y minsan, at magpakailanman, sa Iyong Presensya, tumimo na ito ngayon. Nawa'y ang Espiritu Santo'y lumukob na sa kanilang mga buhay sa mga sandaling ito at ibunsod na magkaroon sila ng katamisan, Panginoon, mula sa—mula sa dakilang Pulot ng Langit. At pagkalooban sila ng karanasan na isang walang katapusang karanasan, na ang makapangyarihang Presensya ng buhay na Diyos ay may giting na dumating sa kanilang mga buhay at ipagkakaloob sa kanila anuman ang kailangan nila ngayon din. Iyo pong ipagkaloob ito, Walang Hanggang Diyos. Sila'y sa Iyo. Inihahandog ko sila sa Iyo, bilang mga kaloob ng pag-ibig, at bilang mga hain na kanilang inihahandog mismo rito. At nawa'y ipangyari na ng Espiritu Santo na maging realidad ito sa kanila ngayon. Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito, sa Pangalan ni Jesus.

²³² Mananalangin na ang inyong pastor. [Nananalangin ang kapatid na lalaki—Pat.] Opo, Panginoon. Opo, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob.



NAKABATAY SA KASULATANG MGA TANDA NG PANAHON TAG64-0410
(Scriptural Signs Of The Time)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Abril 10, 1964 sa National Guard Armory sa Birmingham, Alabama, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org